

# Ilang Tampok na Katangian ng Ponolohiya ng Wikang Ayta Magbukun<sup>1</sup>

*Some Featured Characteristics of the Phonology  
of the Ayta Magbukun Language*

**NOAH CRUZ  
YEDDAH JOY PIEDAD**

## **ABSTRAK**

Batay sa pinakahuling tala ng Summer Institute of Linguistics (SIL) International, ang Ayta Magbukun, na mayroon na lamang tinatayang 1,000 mananalita, ay kasalukuyang isa sa mga wika sa Pilipinas na mayroong pinakamaliit na populasyon. Nilalayan ng kasalukuyang pananaliksik na makapag-ambag sa limitadong mga dokumentasyon at pag-aaral sa wikang Ayta Magbukun sa pamamagitan ng pagtalakay sa ilang katangiang ponolohikal ng wikang ito. Partikular na tuon ng papel ang sumusunod na aspekto: mga segmental at suprasegmental na ponema, phonotactics, at mga morpoponolohikal na prosesong pinagdaraan ng mga tunog. Upang maging komprehensibo ang ginawang pagsusuri, ginamit sa pananaliksik na ito ang mga metodong ginagamit sa acoustic phonetics, gaya ng paggamit ng mga computer software na Praat at JPlot Formants.

*Mga susing salita:* Ayta Magbukun, ponolohiya, acoustic phonetics, phonotactics, morpoponolohikal na proseso ISO 639-3 language code: ayt

## **ABSTRACT**

According to the latest report of the Summer Institute of Linguistics (SIL) International, Ayta Magbukun, which has approximately one thousand speakers, is currently one of the Philippine languages with the smallest population. The present paper seeks to contribute to the limited documentation and studies on the said language by providing a brief discussion on some of the phonological characteristics of Ayta Magbukun. The discussion specifically revolves around the following areas: segmental and suprasegmental phonemes, phonotactics, and morphophonological processes. In order to provide a comprehensive analysis of the topic, methods commonly used in acoustic phonetics were employed in this study, such as the use of computer software Praat and JPlot Formants.

*Keywords:* Ayta Magbukun, phonology, acoustic phonetics, phonotactics, morphophonological processes  
ISO 639-3 language code: ayt

## 1. PANIMULA

Ang wikang Ayta Magbukun ay isa sa apat na pangunahing katutubong wikang sinasalita sa lalawigan ng Bataan. Ang mga mananalita ng wikang ito ay naninirahan sa mga bayan ng Abucay, Bagac, Balanga, Limay, Mariveles, Morong, Orani, Orion, at Samal. Ayon sa datos na nakalap ng Summer Institute of Linguistics noong taong 2011, ang wikang Ayta Magbukun ay mayroon na lamang tinatayang 1,000 mananalita (Eberhard et al.). Batay naman sa ulat ng Komisyon sa Wikang Filipino, sa 383 sambahayang sinarbey para sa pagpapatupad ng programang Bahay Wika, kalahati ang bilingual na mananalita ng Ayta Magbukun: Tagalog; gayunman, hindi ganap ang kabihasaan sa Magbukun ng mga bilingual na mananalita (Delima).

Bunga ng pagkakaroon ng kakaunting bilang ng mga mananalita at ng limitadong paggamit dito, ang wikang Ayta Magbukun ay nakatala bilang isang threatened o nanganganib na wika sa Ethnologue (Eberhard et al.). Bagama't nanganganib na ang estado ng wikang Ayta Magbukun, iilang pag-aaral pa lamang ang naisasagawa tungkol dito, partikular sa dokumentasyon ng nabanggit na wika. Gayundin, karamihan sa mga pananaliksik na naisagawa tungkol sa naturang wika ay nakasentro lamang sa kalinangan, kasaysayan, at paraan ng pamumuhay ng mga mananalita nito.

Dahil sa suliranin ng kakulangan ng mga pag-aaral na ang pokus ay ang grammar ng Ayta Magbukun, mahalagang makapagsagawa ng mga komprehensibo at malalimang pag-aaral tungkol sa gramatika ng wikang ito. Layunin ng kasalukuyang pananaliksik na makapagbigay ng isang preliminaryong paglalarawan ng ilang mga katangian ng ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun. Partikular na sinuri sa papel na ito ang sumusunod na aspekto: mga segmental at suprasegmental na ponema, phonotactics, at mga morpoponolohikal na prosesong pinagdaraan na ng mga tunog.

## 2. MGA NAUNANG PAG-AARAL TUNGKOL SA WIKANG AYTA MAGBUKUN

Kabilang sa iilang mga pag-aaral tungkol sa wikang Ayta Magbukun ay ang ilang historikal at komparatibong pag-aaral na naglalayong ilahad ang kaugnayan ng Ayta Magbukun sa iba pang mga katutubong wika sa Pilipinas. Ilan sa mga ito ay mababasa sa akda

nina Himes noong 2012 at Reid noong 1994. Mayroon ding mga naisagawang paglalarawan sa katangian ng wikang Ayta Magbukun, at ang mga ito ay mababasa sa mga akda ng Summer Institute of Linguistics (SIL) at ng Kagawaran ng Edukasyon, at ni Monica Cabanding.

### 2.1. MGA HISTORIKAL AT KOMPARATIBONG PAG-AARAL NA MAY KAUGNAYAN SA AYTA MAGBUKUN

Ang pag-aaral ni Himes ay isang pagtatangka upang pagtibayin ang pagkakaroon ng isang microgroup na kinabibilangan ng Kapampangan, mga wikang Sambalic, at Sinauna.<sup>2</sup> Upang masuportahan ang kaniyang palagay, inilatag ni Himes ang mga pagbabagong ponolohikal na naganap mula sa Proto-Malayo-Polynesian hanggang sa kasalukuyang sistema ng mga tunog ng mga wikang kabilang sa grupong Central Luzon. Kung susuriin ang pagsisiyasat na isinagawa ni Himes, makikitang ang pangunahing dahilan ng pagkakabilang ng Ayta Magbukun sa naturang microgroup ay ang pagkakaroon nito ng reflex na /y/ para sa Proto-Malayo-Polynesian (PMP) \*R. Ayon kay Himes, ang pagkakaroon ng regular na reflex na /y/ ng PMP \*R ang pangunahing ponolohikal na katangiang nagbubuklod sa mga wikang Central Luzon. Sa pag-usad ng kaniyang papel, patuloy na ipinakita ni Himes ang ugnayan ng mga wikang Central Luzon sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga panghalip at inobasyong leksikal na makikita sa mga wikang ito.

Isa namang palagay ukol sa maaaring pinagmulan ng mga wikang Negrito sa Pilipinas ang inihain ni Reid sa kaniyang papel. Bagama't sa mga kasalukuyang pananaliksik at pagpapangkat sa mga wika sa Pilipinas ay ibinibilang ang Ayta Magbukun at iba pang mga wikang Negrito sa pamilyang Austronesian dahil sa mga leksikal at syntactic na pagkakatulad ng mga ito sa mga di-Negritong wika sa Pilipinas, sinasabi ni Reid na maaaring hindi Austronesian ang mga wikang sinalita ng mga sinaunang Negrito. Batay sa mga nakalap na datos, mayroong mga salita sa mga wikang Negrito na nalalayo ang anyo sa iba pang mga wika sa Pilipinas. Ayon kay Reid, ang kasalukuyang mga wikang Negrito ay dating mga pidgin na ginamit noong dumating ang mga sinaunang mananalita ng mga wikang Austronesian sa kalupaan ng Pilipinas. Ang naturang mga pidgin umano ay na-creolize at paglipas ng panahon ay na-decreolize kung kaya't ang mga ito ay nagkaroon ng malaking pagkakahawig sa mga wikang Austronesian.

## 2.2. MGA PAG-AARAL SA GRAMATIKA NG WIKANG AYTA MAGBUKUN.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang recording na tatlong oras ang haba, inilatag ni Monica Cabanding sa kaniyang isinulat na papel ang mga deictic demonstrative sa wikang Ayta Magbukun. Apat na kategoriya ng deictic demonstrative ang natukoy ni Cabanding: ang adverbial, pronominal, adnominal, at identificational.

Isa namang akda na ang pangunahing layunin ay magamit bilang gabay sa pagbabaybay ng mga salita sa wikang Ayta Magbukun ang nabuo sa pamamagitan ng kolaborasyon ng SIL at ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang akdang ito, na pinamagatang “Mamaha Kita Muy Na: Tamung Ma-In Gabay Ha Pagbaybay Ung Halitang Magbukun,” ay nakasulat sa tatlong wika: Tagalog, Ingles, at Ayta Magbukun. Kalakip din ng gabay sa pagbabaybay na ito ang isang maikling diskusyon tungkol sa ilang pundamental na aspekto ng grammar ng wikang Ayta Magbukun, gaya ng mga panghalip at mga pananda.

## 3. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Tuon ng bahaging ito ng papel ang pagtalakay sa metodolohiyang ginamit ng mga mananaliksik upang maabot ang pangunahing layunin ng pag-aaral. Hinati sa dalawang subseksiyon ang bahaging ito: (1) pagkalap ng datos at paraan ng pagsusuri; at (2) mga teknikal na terminong gagamitin sa paglalarawan sa ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun.

### 3.1. PAGKALAP NG DATOS AT PARAAN NG PAGSUSURI

Sa pananaliksik na ito, ginamit na pangunahing instrumento sa pagkalap ng datos ang word list ng UP Department of Linguistics. Ang naturang word list ay binubuo ng mahigit 600 na salita, na pinangkat ayon sa sumusunod na mga tema: (1) tao, at mga pantao at panlipunang relasyon; (2) katawan ng tao; (3) mga hayop, halaman, at pagkain; (4) kalikasan at panahon; (5) mga espirituwal at panrelihiyong paniniwala; (6) mga bahagi ng tahanan; (7) mga pananamit at kasangkapan; (8) panahon (oras); (9) mga pamilang; (10) mga pang-uri; at (11) mga pandiwa.

Ang mga salita sa word list, na nakatala sa parehong Ingles at Tagalog, ay ipinasalin ng

isa sa mga mananaliksik sa tatlong consultant na pawang mga taal na mananalita ng Ayta Magbukun noong Oktubre 4, 2019. Sa parehong pagkakataon, kumuha rin ng audio recording ng ilang piling salita habang binibigkas ang mga ito ng isa sa mga consultant. Ang mga salita ay isinulat gamit ang International Phonetic Alphabet o IPA upang malinaw na maitala ang bawat tunog, diin at haba sa mga salita. Sa huli, ang mga nakalap at na-transcribe na datos ay ipinaberipika sa mga language consultant upang matiyak ang kawastuhan ng mga ito.

### 3.1.1. MGA COMPUTER SOFTWARE NA GINAMIT SA PAGSUSURI

Upang makatulong din sa pagbibigay ng komprehensibong paglalarawan sa mga katangian ng ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun, gumamit ang mga mananaliksik ng dalawang software na karaniwang ginagamit sa acoustic phonetics o pag-aaral sa mga pisikal na katangian ng pananalita.

#### 3.1.1.1. PRAAT

Ang Praat ay isang computer software na dinisenyo upang magamit sa speech analysis. Naipapakita nito ang spectrogram ng isang audio recording kung saan nirerepresenta ng waveforms ang amplitude ng tunog. Sa pamamagitan nito, makikita ang haba at lakas ng mga indibidwal na tunog, Narerepresenta rin ng Praat ang mga padron sa intonasyon, taas, at lakas ng mga pananalita (Boersma at Weenink).

Pangunahing ginamit ang Praat sa pananaliksik na ito upang makuha ang F1 at F2 formant values ng mga patinig, na siya namang ginamit sa pagmamapa sa mga tunog na patinig sa wikang Ayta Magbukun. Ang formant values na nakuha para sa isang patinig ay katumbas ng frequency at bandwidth nito.

#### 3.1.1.2. JPLOT FORMANTS

Matapos makuha ang formant values ng mga patinig gamit ang Praat, ipinasok ang mga ito sa JPlot Formants—isang computer software na ginagamit sa pagmamapa ng mga patinig. Batay sa value ng formants na ipinasok, naipapakita ng JPlot Formants ang posisyon at taas ng dila habang binibigkas ang sinusuring patinig.


### 3.2. MGA TEKNIKAL NA TERMINONG GINAMIT SA PAGLALARAWAN SA PONOLOHIYA NG WIKANG AYTA MAGBUKUN

Sa pag-usad ng papel, iba't ibang teknikal na lingguwistikong termino ang ginamit sa paglalarawan sa ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun. Ilan sa mga nabanggit ay tatalakayin sa subseksiyong ito.

#### 3.2.1. PARAAN NG PAGBIGKAS

Karamihan sa mga teknikal na terminong ginamit sa papel ay mayroong kaugnayan sa manner of articulation o paraan ng pagbigkas sa isang tunog. Narito ang ilan sa mga uri ng tunog na katinig ayon sa paraan ng pagbigkas sa mga ito:

- (i) stop- binibigkas nang may buo at panandaliang pagpigil sa paglabas ng hangin sa bibig;
- (ii) nasal- binibigkas sa pamamagitan ng pagpaparaan ng hangin palabas sa ilong;
- (iii) tap- binibigkas sa pamamagitan ng pagtapik ng dulo ng dila sa likod ng ngipin o alveolar ridge;
- (iv) fricative- binibigkas sa pamamagitan ng patuloy na pagpapalabas ng hangin sa bibig na mayroong bahagyang pag-antala;
- (v) affricate –pinagsamang stop at fricative, may kompleto at panandaliang pagbara sa hangin na sinusundan ng patuloy na pagpapalabas ng hangin nang may bahagyang pag-antala; at
- (vi) approximant- binibigkas sa pamamagitan ng paglalapit ngunit hindi tuluyang pagsasara ng mga labi.



Larawan 1. "Human vocal organs and points of articulation."  
Image. Encyclopædia Britannica. Encyclopædia Britannica. n.d. Web. 24 Abril 2021.

3.2.2. BAHAGING GINAGAMIT SA PAGBIGKAS

Mahalaga rin sa paglalarawan sa mga tunog na katinig ang pagsusuri sa bahagi ng vocal tract na ginagamit sa pagbigkas ng isang partikular na tunog. Narito ang isang larawan na nagpapakita ng mga bahagi ng vocal tract ng tao (*Tingnan ang Larawan 1 sa pahina 31*).

4. PONOLOHIKAL NA ANALISIS

Ang pagsusuri sa ponolohiya ng wikang Ayta Magbukun ay hinati sa apat na bahagi. Unang tinalakay ang mga segmental na katangian ng ponolohiya ng wika. Ang bahaging ito ay sinundan naman ng pagtalakay sa mga suprasegmental na katangian. Ikatlong inilahad ang phonotactics ng wikang Ayta Magbukun, at huling tinalakay ang mga morpoponolohikal na proseso.

4.1. MGA SEGMENTAL NA KATANGIAN

Ang terminong segment ay tumutukoy sa pinakamaliit na elementong maririnig sa isang pananalita. Mayroong dalawang pangunahing pangkat ng mga segment sa isang wika: mga segment na katinig at mga segment na patinig.

4.1.1. MGA KATINIG

Mayroong 16 na katinig na ponema o natatanging tunog na ginagamit sa wikang Ayta Magbukun. Ang mga ito ay ang sumusunod: /b/, /p/, /t/, /d/, /k/, /g/, /h/, /ʔ/, /m/, /n/, /r/, /ŋ/, /dʒ/, /l/, /w/, at /j/. Naipakilala rin sa Ayta Magbukun ang /s/ dahil sa mga hiram na salitang mula sa iba pang mga kalapit na wika.

Maaaring hatiin ang mga katinig sa wikang Ayta Magbukun sa pitong pangkat ayon sa paraan ng pagbigkas sa mga ito: (i) mga stop na /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, at /ʔ/; (ii) mga nasal na /m/, /n/, /ŋ/; (iii) tap na /r/; (iv) mga fricative na /s/ at /h/; (v) affricate na /dʒ/; (vi) mga approximant na /w/ at /j/; at (vii) lateral approximant na /l/.

	Labial		Dental		Alveolar		Post-alveolar		Palatal		Velar		Glottal
Stop	p	b	t	d							k	g	ʔ
Nasal		m		n							ŋ		
Tap/Trill						r							
Fricative					(s)								h
Affricate								dʒ					
Approximant		w							j				
Lateral approximant						l							

Talaan 1. Mga ponema sa wikang Ayta Magbukun

4.1.1.1. MGA STOP

Mayroong pitong stop ang Ayta Magbukun: /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, at /ʔ/. Ang unang anim na nabanggit ay bumubuo ng tatlong pares ng mga tunog na may parehong paraan at lugar ng artikulasyon ngunit nagkakaiba sa feature ng voicing o pagkakaroon ng tinig. Ang isang tunog ay tinatawag na voiced o mayroong tinig kung binibigkas ito nang magkalapit ang glottis, na siyang nagdudulot ng pagkakaroon ng vibration sa vocal folds sa pagdaan ng hangin dito. Ang mga tunog na voiced sa pares ng mga stop na nabanggit ay ang /b/, /d/, at /g/. Voiceless o walang tinig naman ang mga tunog na binibigkas nang bukas ang glottis kung kaya't hindi nagkakaroon ng vibration sa vocal folds. Ang mga voiceless na tunog ay ang /p/, /t/, /k/, at /ʔ/.

Maliban sa /d/ na hindi natatagpuan sa huling posisyon, ang lahat ng stops ng Ayta Magbukun ay maaaring matagpuan sa unahan, gitna, at huling posisyon sa isang salita. Nakatala sa susunod na mga

subseksiyon ang ilang mga halimbawang nagpapakita ng distribusyon ng mga stop at ang mga minimal pair at near-minimal pair na makatutulong sa pagpapakita ng pagiging phonemic ng bawat tunog sa wika.

#### 4.1.1.1. /p/ at /b/.

Matatagpuan ang voiceless bilabial stop /p/ at voiced bilabial stop /b/ sa tatlong posisyon sa loob ng salita: unahan, gitna, at huli. Sa gitnang posisyon, maaaring makita sa simula o dulo ng pantig ang /p/ at /b/ gaya ng ipinapakita sa halimbawa (1b) at (1c).

##### (1) Distribusyon ng /p/

a. unahan	/pa:.ti/	[pa:.tɛ]	'patay'
b. gitna	/hap.'lut/	[hap.'lot]	'damit'
c.	/lum.'par/	[lum.'pɑr]	'lumipad'
d.huli	/hup.'hɔp/	[hup.'hɔp]	'sipsip'

##### (2) Distribusyon ng /b/

a.unahan	/'bi:.jaj/	[/'bi:.jaj]	'buhay'
b.gitna	/tab.'ʔaŋ/	[tab.'ʔaŋ]	'tabang'
c.	/bu.'buʒ/	[bu.'bɔʒ]	'bibig'
d.huli	/dub.'dɔb/	[dub.'dɔb]	'dibdib'

##### (3) Mga near-minimal pair para sa pares na /p/ at /b/

a. /pa.lak.'pak/	[pa.lak.'pak]	'pakpak'
/ba.lag.'bag/	[ba.lag.'bag]	'pagsikat ng araw'
b. /pu.'juʔ/	[pu.'jɔʔ]	'puyo'
/bu.'jaʔ/	[bu.'jaʔ]	'bigas'
c. /pa.'tul/	[pa.'tɔl]	'kapatid'
/ba.'tu/	[ba.'tɔ]	'bato'

#### 4.1.1.2. /t/ at /d/

Maaaring matagpuan ang voiceless dental stop /t/ sa tatlong posisyon sa loob ng salita: unahan, gitna, at huli. Samantala, ang voiced dental stop /d/ naman ay matatagpuan lamang sa unahan at gitnang posisyon sa salita.

##### (4) Distribusyon ng /t/

a. unahan	/'ta:.wu/	[/'ta:.wɔ]	'tao'
b. gitna	/wit.'wit/	[wit.'wɛt]	'kulam'
c.	/ʔug.'tuʔ/	[ʔug.'tɔʔ]	'tanghali'
d. huli	/ki.'lat/	[ki.'lat]	'kulog; kidlat'

##### (5) Distribusyon ng /d/

a. unahan	/da.'ʔup/	[da.'ʔɔp]	'hangin'
b. gitna	/mad.'lum/	[mad.'lɔm]	'madilim'
c.	/ʔin.'duʔ/	[ʔin.'dɔʔ]	'ina'
d. huli	-----		

##### (6) Mga near-minimal pair para sa pares na /t/ at /d/

a. /'ta:.wu/	[/'ta:.wɔ]	'tao'
/'da:.wun/	[/'da:.wɔn]	'dahon'
b. /ta.'mu:.raw/	[ta.'mu:.raw]	'ari ng babae'
/da.'mu:.lag/	[da.'mu:.lag]	'kalabaw'

#### 4.1.1.3 /k/ at /g/

Ang voiceless velar stop /k/ at voiced velar stop /g/ ay matatagpuan sa tatlong posisyon sa loob ng salita: unahan, gitna, at huli. Gaya ng makikita sa mga halimbawa sa ibaba, sa gitnang posisyon ng isang salita ay maaaring makita sa simula o dulo ng pantig ang /k/ at /g/.

##### (7) Distribusyon ng /k/ at /g/

a. unahan	/ka.ʔi.'li/	[ka.ʔi.'le]	'tawa'
b. gitna	/'mik.nal/	[ 'mik.nal]	'upo'
c.	/tag.'kuʔ/	[tag.'kɔʔ]	'lubid'
d. huli	/'dʒu:.nak/	[ 'dʒu:.nak]	'lawá'

##### (8) Distribusyon ng /g/

a. unahan	/gi:.num/	[gi:.nɔm]	'fog'
b. gitna	/'ʔag.'taj/	[ʔag.'taj]	'atay'
c.	/pu:.gar/	[pu:.gar]	'pugad'
d. huli	/da.'mu:.lag/	[da.'mu:.lag]	'kalabaw'

##### (9) Near-minimal pair para sa pares na /k/ at /g/

a. /ʔa.'nak/	[ʔa.'nak]	'anak'
/'ʔa:.nag/	[ 'ʔa:.nag]	'anay'

#### 4.1.1.4. /ʔ/

Ang glottal stop /ʔ/ o impit na tunog ay kalimitang nagsisilbing onset o inisyal na tunog na katinig sa isang pantig. Matatagpuan din ang tunog na ito sa pagitan ng dalawang tunog na patinig. Sa pangkalahatan, ang glottal stop ay lumilitaw sa tatlong posisyon sa salita: unahan, gitna, at huli.

##### (10) Distribusyon ng /ʔ/

a. unahan	/ʔu.'ʔu/	[ʔu.'ʔɔ]	'ulo'
b. gitna	/bag.'ʔaŋ/	[bag.'ʔaŋ]	'bagang'
c. huli	/'dʒi:.laʔ/	[ 'dʒi:.laʔ]	'dila'

#### 4.1.1.2. MGA NASAL

Ang mga tunog na nasal ay nabibigkas sa pamamagitan ng pagdaan ng hangin sa ilong bunga ng pagbaba ng velum o malambot na bahagi ng ngalangala. Ang lahat ng tunog na nasal ay binibigkas nang voiced o may tinig.

Mayroong tatlong nasal na tunog na ginagamit sa wikang Ayta Magbukun: /m/, /n/, at /ŋ/. Maliban sa /ŋ/ na hindi ginagamit sa unahan ng isang salita, matatagpuan sa lahat ng posisyon sa loob ng salita ang mga nasal na tunog sa Ayta Magbukun.

##### (11) Distribusyon ng /m/

a. unahan	/ma.'ʔin/	[ma.'ʔɛn]	'mayroon'
b. gitna	/'ʔum.'nu/	[ʔum.'nɔ]	'ilan'
c.	/ʔa.'mak/	[ʔa.'mak]	'bahay'
d. huli	/da.la.mi. ram/	[da.la.mi. ram]	'ambon'

##### (12) Distribusyon ng /n/

a. unahan	/'ni:.pun/	[ 'ni:.pun]	'ngipin'
b. gitna	/kin.'dat/	[kin.'dat]	'kindat'
c.	/la.'num/	[la.'nɔm]	'tubig'
d. huli	/'pu:.ʔun/	[ 'pu:.ʔɔn]	'puno; katawan ng puno'



(13) Distribusyon ng /ŋ/

a. unahan	-----		
b. gitna	/pu.waŋ.'kʌn/	[pu.waŋ.'kʌn]	'pamangkin'
c.	/bu.'ŋuʔ/	[bu.'ŋʊʔ]	'bungo'
d. huli	/ma.'mu:.hiŋ/	[ma.'mu:.hɛŋ]	'uling'

(14) Minimal pair para sa pares na /m/ at /n/

a.	/ʔa.'mak/	[ʔa.'mak]	'bahay'
	/ʔa.'nak/	[ʔa.'nak]	'anak'

(15) Mga near-minimal pair para sa pares na /m/ at /ŋ/

a.	/'mi:.num/	['mi:.nɒm]	'inom'
	/'mi:.ruŋ/	['mi:.rɒŋ]	'tayo'
b.	/sa.'maʔ/	[sa.'maʔ]	'bad'
	/ha.'ŋa/	[ha.'ŋa]	'sanga'

(16) Minimal pair at near-minimal pair para sa pares na /n/ at /ŋ/

d.	/'ʔu:.tan/	['ʔu:.tan]	'ahas'
	/'ʔu:.taŋ/	['ʔu:.taŋ]	'utang'
e.	/'ha:.na/	['ha:.na]	'gusto'
	/ha.'ŋa/	[ha.'ŋa]	'sanga'

4.1.1.3. TAP

Ang tap o flap na tunog ay nabubuo sa pamamagitan ng mabilis na pagtama ng dila sa taas na bahagi ng bibig. Hindi gaya sa wikang Tagalog na limitado lamang ang posisyong kinairalan ng /r/, sa wikang Ayta Magbukun ay lumilitaw ang tunog na ito sa lahat ng posisyon.

(17) Distribusyon ng /r/

a. unahan	/'ra:.gat/	['ra:.gat]	'dagat'
b. gitna	/ka.lar.'kar/	[ka.lar.'kar]	'kaladkad'
c.	/ta.'rum/	[ta.'rɒm]	'talim'
d. huli	/pa.ŋur.'kur/	[pa.ŋur.'kɒr]	'kudkuran'

4.1.1.4. MGA FRICATIVE

Mayroong dalawang fricative na ginagamit sa wikang Ayta Magbukun: /s/ at /h/. Ang /h/ ay matatagpuan lamang bilang unang katinig sa isang pantig sa unahan at gitna ng salita. Samantala, ang tunog na /s/ ay lumilitaw lamang sa mga hiram na salita. Maaari itong makita sa unahan, gitna, at huling posisyon sa salita.

(18) Distribusyon ng /h/

a. unahan	/'ha:.na/	['ha:.na]	'gusto'
b. gitna	-----		
c.	/maj.'ha/	[maj.'ha]	'isa'
d. huli	-----		

(19) Distribusyon ng /s/

a. unahan	/'si:.siw/	['si:.siw]	'sisiw'
b. gitna	/'ʔis.daʔ/	[ʔis.daʔ]	'isda'
c.	/ka.lan.'saj/	[ka.lan.'saj]	'kalansay'
d. huli	/ma.'li:.nis/	[ma.'li:.nis]	'malinis'



4.1.1.4.1. KARAGDAGANG OBSERBASYON TUNGKOL SA /s/

Gaya ng una nang nabanggit, ang tunog na /s/ ay matatagpuan lamang sa mga hiram na salita. Iregular ang pagpapanatili at pagbabago ng tunog na /s/ sa mga hiram na salita gaya ng makikita sa ibaba:

Inisyal na /s/	Panggitnang /s/	Pinal na /s/
simbahan > himbaan sala > hala sisiw > sisiw	kalabasa > kalabaha plasa > plaha	sapatos > garapatus singkamas > hingkamas labanos > labanu kamatis > kamati

Talaan 2. Pagpapanatili at pagbabago ng /s/ sa mga hiram na salita sa wikang Ayta Magbukun

4.1.1.5. AFFRICATE

Ang affricate ay isang tunog na nagsisimula sa pagiging stop at nagtatapos sa isang fricative. Hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring kaisahan sa mga palagay kung ang mga affricate ba ay dapat na ituring bilang isang indibidwal na tunog o ang mga ito ay magkasunod lamang na stop at fricative. Sa pananaliksik na ito, pinaniniwalaang ang affricate na /dʒ/ sa wikang Ayta Magbukun ay dapat na ituring bilang isang indibidwal na ponema sapagkat kung tataluntunin ang pinagmulan nito, matutuklasang ito ay nagmula sa iisang tunog lamang. Makikita sa isang pag-aaral ni Himes, na ang /dʒ/ ay tila reflex o kasalukuyang manipestasyon ng Proto-Malayo Polynesian \*d (508-509).

PMP *dilaq	'dʒi:.laʔ	'dila'
PMP *daRaq	'dʒa:.jaʔ	'dugo'

4.1.1.6. MGA APPROXIMANT

Ang mga tunog na approximant ay nabibigkas sa pamamagitan ng paglalapit ng isang articulator sa isa pang articulator nang hindi nagkakaroon ng friction. Mayroong dalawang approximant sa Ayta Magbukun: ang labial approximant /w/ at palatal approximant /j/. Tinatawag din ang mga itong glide o semi-vowel.

	Onset			Coda		
/w/	/wit.'wit/	[wit.'wet]	'kulam'	/ʔaw.'luʔ/	[ʔaw.'loʔ]	'araw'
	/ka.'ʔa:.waj/	[ka.'ʔa:.waj]	'kaaway'	/ma.nak.'baw/	[ma.nak.'baw]	'tumalon'
/j/	/ja.'muk/	[ja.'møk]	'lamok'	/maj.'luʔ/	[maj.'loʔ]	'hilaw'
	/kil.'ja:.wan/	[kil.'ja:.wan]	'dilaw'	/'bi:.jaj/	['bi:.jaj]	'buhay'

Talaan 3. Distribusyon ng /w/ at /j/ sa mga salita.

4.1.1.7. LATERAL APPROXIMANT

Ang mga lateral approximant ay nabibigkas sa pamamagitan ng pagpapadaan ng hangin sa dalawang gilid ng dila. Sa wikang Ayta Magbukun, mayroong isang lateral approximant na ginagamit: ang voiced alveolar lateral approximant /l/. Maaaring matagpuan ang /l/ sa unahan, gitna, at huling posisyon sa salita.

(20) Distribusyon ng /l/

a. unahan	/ˈla:.ki/	[ˈla:.kɛ]	‘lalaki’
b. gitna	/na.mul.ˈha:.jat/	[na.mul.ˈha:.jat]	‘puti; maputi’
c.	/ˈʔu:.luŋ/	[ˈʔu:.lɔŋ]	‘tiyo’
d. hulihan	ˈpi:.ŋɔl/	[ˈpi:.ŋɔl]	‘tenga’

(21) Minimal pair at near-minimal pair para sa pares na /r/ at /l/

a.	/ku.ˈrut/	[ku.ˈrɔt]	‘kurot’
	/ku.ˈlut/	[ku.ˈlot]	‘kulot’
b.	/ra.ˈtuʔ/	[ra.ˈtɔʔ]	‘umaga’
	/la.ˈtuŋ/	[la.ˈtɔŋ]	‘dating’

4.1.2. MGA PATINIG


Mayroong tatlong ponemang patinig na makikita sa wikang Ayta Magbukun: /a/, /i/, at /u/.

	Front	Central	Back
High	i		u
Low		a	

Talaan 4. Mga ponemang patinig sa wikang Ayta Magbukun

Upang malinaw na maipakita ang vowel space ng wikang Ayta Magbukun, gumamit ng dalawang computer software ang mga mananaliksik. Una munang ginamit ang Praat upang makuha ang mga F1 at F2 na formant ng mga patinig. Malaki ang kaugnayan ng mga formant na ito sa pagtukoy sa posisyon ng dila habang binibigkas ang isang patinig. Ginagamit ang F1 sa pagtukoy sa taas o baba ng dila habang binibigkas ang isang patinig. Nangangahulugan ang mataas na value ng F1 na mababa ang dila habang binibigkas ang isang patinig, at ang mababang value naman ng F1 ay nagpapahiwatig na mataas ang posisyon ng dila. Sa kabilang banda, ang F2 ay ginagamit sa pagtukoy sa frontness at backness ng dila habang binibigkas ang isang patinig. Ang mataas na value ng F2 ay sumasalamin sa pagiging fronted, samantalang ang mababang value ng F2 ay nagpapakita ng pagiging atrasado ng dila habang binibigkas ang isang patinig.

Nirerepresenta ng susunod na plot ang lugar at paraan ng artikulasyon ng mga patinig sa wikang Ayta Magbukun.



Larawan 2. Vowel space ng wikang Ayta Magbukun

Makikita naman sa susunod na talaan ang mean value ng mga formant ng bawat patinig na sinuri sa papel na ito:

	F1	F2
/i/	439 Hz	2127 Hz
/a/	777 Hz	1523 Hz
/u/	515 Hz	1100 Hz

Talaan 5. Mga mean value ng mga formant ng mga patinig sa wikang Ayta Magbukun

#### 4.1.2.1. ANG PATINIG NA /i/

Ang ponemang /i/ ay isang high, front, unrounded na patinig. Mayroong dalawang allophone o aktuwal na manipestasyon ang ponemang ito: ang [i] at [ɛ]. Ang allophone na [ɛ] ay lumilitaw lamang sa huling pantig ng isang salita. Ang penomenong ito kung saan nagkakaroon ng allophone na mas mababa kaysa sa pinagmulang ponema ay tinatawag na vowel lowering. Ang allophone na [i] naman ng ponemang /i/ ay lumilitaw sa iba pang posisyong hindi kinaiiralan ng [ɛ]. Gayunman, gaya ng iba pang mga patinig sa Ayta Magbukun, ang ponemang /i/ at ang mga allophone nito ay hindi matatagpuan sa pinakaunang posisyong ng isang salita sapagkat lagi itong pinangungunahan ng isang katinig.

##### (22) Distribusyon ng /i/

###### Bukas na pantig

a. unahan	/ʔi:kuj/	[ʔi:kɔj]	‘buntot’
b. gitna	/ma.li:ni/	[ma.li:nɛ]	‘malinis’
c. huli	/pa:ji/	[pa:jɛ]	‘paso (singe)’

###### Saradong pantig

a. unahan	/ʔin.di.ʔin/	[ʔin.di.ʔɛn]	‘diin’
b. gitna	/ma.ʔik.luk/	[ma.ʔik.lɔk]	‘maiksi’
c. huli	/ma.ki:tiɾ/	[ma.ki:teɾ]	‘makitid’

#### 4.1.2.2. ANG PATINIG NA /u/

Isang high, back, rounded na patinig ang ponemang /u/. Mayroong dalawang allophone ang ponemang ito: ang [u] at [ɔ]. Ang distribusyon ng mga allophone ng ponemang [u] ay tulad ng distribusyon ng mga allophone na [i] at [ɛ] ng ponemang /i/: ang [ɔ] ay lumilitaw lamang sa pinakahuling pantig ng isang salita, habang ang [u] ay makikita sa mga posisyong hindi kinaiiralan ng [ɔ].

##### (23) Distribusyon ng /u/

###### Bukas na pantig

a. unahan	/ʔu.luk/	[ʔu.lɔk]	‘hilik’
b. gitna	/bu.tu:ʔun/	[bu.tu:ʔɔn]	‘bituwinn’
c. huli	/ba.ra:hu/	[ba.ra:hɔ]	‘braso’

###### Saradong pantig

a. una	/hup.hup/	[hup.hɔp]	‘sipsip’
b. gitna	/ta.kum.paw/	[ta.kum.paw]	‘talon’
c. huli	/dub.dub/	[dub.dɔb]	‘dibdib’

#### 4.1.2.3. ANG PATINIG NA /A/

Ang low, central, unrounded na patinig na /a/ ang natatanging central na ponema sa wikang Ayta Magbukun na nakita sa pag-aaral na ito. Iisa lamang ang allophone ng ponemang ito: [a]. Nangangahulugan itong ang allophone na [a] ang aktuwal na manipestasyon ng ponemang /a/ sa lahat ng posisyon sa isang salita. Narito ang ilang halimbawang salitang nagpapakita ng distribusyon ng patinig na /a/:

##### (24) Distribusyon ng /a/

###### *Bukas na pantig*

a. una	/ba.'ba:.ji/	[ba.'ba:.jɛ/	'babae'
b. gitna	/ma.'ha:.waŋ/	[ma.'ha:.waŋ]	'maliwanag'
c. huli	/ʔa.'ha:.wa/	[ʔa.'ha:.wa]	'asawa'

###### *Saradong Pantig*

a. una	/ʔaj.'maʔ/	[ʔaj.'maʔ]	'kamay'
b. gitna	/ma.'ʔan.'di/	[ma.'ʔan.'dɛ]	'maliit'
c. dulo	/ka.'jat/	[ka.'jat]	'kagat'

Nakatala sa ibaba ang mga minimal pair na nagpapatunay na ang mga patinig na /i/, /a/, at /u/ ay mga natatanging tunog at nagdudulot ng pagkakaiba ng kahulugan sa mga salita:

##### (25) Minimal pair para sa pares na /a/ at /u/

a.	/ 'la:.pak/	[ 'la:.pak]	'bali'
	/ 'la:.puk/	[ 'la:.pɔk]	'balahibo'

##### (26) Minimal pair para sa pares na /a/ at /i/

b.	/ha.'ŋa/	[ha.'ŋa]	'sanga'
	/hi.'ŋa/	[hi.'ŋa]	'hinga'

##### (27) Minimal pair para sa pares na /i/ at /u/

c.	/ 'hi:.ku/	[ 'hi:.kɔ]	'siko'
	/ 'hu:.ka/	[ 'hu:.ka]	'suka'

##### (28) Mga minimal pair para sa /i/, /u/, at /a/


d.	/ 'ka:.nin/	[ 'ka:.nɛn]	'kanin'
	/ 'ka:.nun/	[ 'ka:.nɔn/	'kain'
	/ 'ka:.nan/	[ 'ka:.nan]	'right'

#### 4.2. MGA SUPRASEGMENTAL NA KATANGIAN

Ang mga suprasegmental ay hindi tulad ng segment na tumutukoy sa mga indibidwal na tunog. Ang mga ito ay tumutukoy sa kalidad ng mga tunog na makikita sa isang pantig, salita, o parirala. Ang mga suprasegmental na katangiang kadalasang matatagpuan sa isang wika ay ang haba (length), diin (stress), pitch (taas), intonasyon (intonation), at tono (tone). Dahil sa mga limitasyon sa pangangalang ng datos, tanging ang haba at diin lamang ang tinalakay sa bahaging ito.


##### 4.2.1. HABA (LENGTH)

Sa lebel ng mga salita, tanging ang mga tunog na patinig lamang ang kinakitaan ng natatanging haba o ng feature na [+length]. Sa susunod na larawan ay kapansin-pansing mas mahaba ang durasyon ng pagbigkas sa isang patinig kapag ito ay nasa isang pantig na may diin.



Larawan 3. Spectrogram ng salitang [ʔa.ˈtu:p]

Maaari ding magkaroon ng vowel lengthening o pagpapahaba ng patinig kapag ito ay nasa pinakadulong posisyon ng isang salita.



Larawan 4. Spectrogram ng salitang [ˈʔa:gu:]

Sa mga datos na nakalap, walang nakitang consonant lengthening o gemination sa loob ng isang payak na salita.

#### 4.2.2. DIIN (STRESS)

Ang stress sa wikang Ayta Magbukun ay nakikita sa paghaba at pagkakaroon ng diin sa isang tunog na patinig. Sa mga salitang mayroong dalawa hanggang tatlong pantig, malimit na nasa pinakahuli o ikalawa sa pinakahuling pantig ang diin. Sa mga salita namang mayroong higit sa tatlong pantig, hindi na madaling masabi ang posisyon ng diin. Tingnan ang mga halimbawa sa susunod na talaan:

Bilang ng pantig	Mga halimbawang salita
Salitang may dalawang pantig	ˈdʒa: jaʔ      ‘dugo’ ha. ˈjaw      ‘sayaw’
Salitang may tatlong pantig	na. ˈwi: ni      ‘katawan’ ma.hag. ˈmak      ‘marami’
Salitang may apat na pantig	ˈma: ʔa.dʒa.jəʔ      ‘malayo’ nag. ˈtu: tu.kaʔ      ‘inaantok’ pa.li. ˈba: bə      ‘pataas’ ha.li.pa. ˈtan      ‘kalimutan’

Talaan 6. Posisyon ng diin sa mga salita sa wikang Ayta Magbukun

Sa mga datos na nakalap, walang salitang nakuha na nagpapatunay na phonemic o nagdudulot ng pag-iiba ng kahulugan ng salita ang haba at diin sa Ayta Magbukun.

#### 4.3. PHONOTACTICS

Ang phonotactics ay tumutukoy sa mga tuntunin sa isang wika na nagdidikta ng kung ano-anong mga tunog ang maaaring magsama o maging magkakasunod. Binibigyang-tuon sa phonotactics ang estruktura ng pantig o ang kombinasyon ng patinig at katinig na maaaring bumuo ng isang pantig. Sinusuri din sa sangay na ito ng ponolohiya ang mga kambal katinig at ang mga diptonggo.

##### 4.3.1. ESTRUKTURA NG MGA PANTIG

Ang pinakapayak na estruktura ng pantig sa wikang Ayta Magbukun ay KP. Palaging nagsisimula sa katinig ang isang pantig, samantalang opsiyonal naman ang pagkakaroon ng katinig sa coda o dulo ng isang pantig. Batay sa datos na nakalap, maaaring magkaroon ng dalawang katinig sa simula ng pantig, subalit iisang salita lamang ang nakitaan nito.

Bilang ng pantig	Kombinasyon	Halimbawang salita
<b>Salitang may dalawang pantig</b>	KP-KP	/ja.'bi/ 'gabi'
	KP-KPK	/'ʔu:.tan/ 'ahas'
	KPK-KP	/tuŋ.'ʔu/ 'noo'
	KPK-KPK	/wit.'wit/ 'kulam'
<b>Salitang may tatlong pantig</b>	KP-KP-KP	/tu.tu.'li/ 'tutuli'
	KP-KP-KPK	/ba.'lu:.ŋuʔ/ 'ilong'
	KP-KPK-KPK	/pa.luŋ.'hun/ 'pababa'
	KPK-KP-KP	/bal.'ka:.ju/ 'balat ng kahoy'
	KPK-KP-KPK	/kil.'ja:.wan/ 'dilaw'
<b>Salitang may apat na pantig</b>	KP-KP-KP-KP	/hi.ni.ma.'ti/ 'hinimatay'
	KP-KP-KP-KPK	/da.la.mi.'ram/ 'ulan'
	KPK-KP-KP-KPK	/nag.'su:.su.lak/ 'kumukulo'
	KP-KPK-KP-KPK	/na.mul.'ha:.jat/ 'puti; maputi'
	KP-KP-KPK-KPK	/ʔa.li.tup.'tup/ 'alitaptap'

Talaan 7. Estruktura ng mga pantig sa wikang Ayta Magbukun

##### 4.3.1.1. MGA KAMBAL KATINIG (CONSONANT CLUSTERS)

Iisa lang ang lumabas na kambal katinig sa nakalap na word list:

/'bwa:.wu/      ['bwa:.wə]      'tuhod'

Mayroon pang isang salita mula sa mga nakalap na datos ang mayroong katulad na porma: ['bwa:.ti] 'bulati'. Gayunman, batay sa mas malalim na pagsusuri sa naturang salita, lumabas na pasalitang

baryasyon lamang ito ng mas kompletong anyong /bu.'wa:.ti/ Ang pormang ['bwa:.ti] ay bunga ng pagmi-merge ng high back na patinig na /u/ sa kasunod nitong malapatinig na tunog na /w/.

Ayon sa word list na makikita sa gabay sa pagbabaybay na binuo ng Summer Institute of Linguistics at ng Kagawaran ng Edukasyon, mayroong mga kambal katinig na makikita sa mga salitang hiniram ng Ayta Magbukun. Ang mga kambal katinig ay makikita lamang sa inisyal na posisyon ng isang pantig.

(29) Mga kambal katinig sa mga hiram na salita sa Ayta Magbukun

- |                  |               |           |
|------------------|---------------|-----------|
| a. /'draj.biɾ/   | ['draj.beɾ]   | 'drayber' |
| b. /'kli:.ni.ka/ | ['kli:.ni.ka] | 'klinika' |
| c. /'pla:.ha/    | ['pla:.ha]    | 'plasa'   |

Bagama't walang mga kambal katinig sa loob ng mga salitang taal sa Ayta Magbukun, maaari pa ring magsunod ang dalawang katinig kung ang mga ito ay nasa magkahiwalay na pantig.

#### 4.3.1.2. DIPTONGGO

Ang terminong diptonggo ay tumutukoy sa tunog na nabuo sa pamamagitan ng pagsasama ng isang patinig at isang glide o malapatinig na tunog. Mayroong limang diptonggong makikita sa wikang Ayta Magbukun: /aw/, /uw/, /ij/, /aj/, at /uj/.

Diptonggo	Mga halimbawang salita
/aw/	/bul.'jaw/ 'sigaw' /ta.kum.'paw/ 'talon' /?aw.'lu?/ 'araw'
/uw/	/pu.'uw/ 'gising'
/ij/	/'dʒu:.dʒij/ 'ihi'
/aj/	/?ag.'taj/ 'atay' /bi.'saj/ 'talon'
/uj/	/tu.'luj/ 'tulong' /?uk.'luj/ 'itlog'

Talaan 8. Mga diptonggo sa wikang Ayta Magbukun

#### 4.4. MGA MORPOPONOLOHIKAL NA PROSESO

Maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa mga tunog ng isang salita kapag ito ay nilapian o hindi kaya ay nalapit sa iba pang mga salita. Nagkakaroon din ng mga pagbabago sa mga tunog ng isang salita kapag ang mga ito ay aktuwal nang binibigkas. Sa mga datos na nakalap, tatlong pangunahing uri ng morpoponolohikal na proseso ang naobserbahan: asimilasyon, pagkakaltas (deletion), at gemination at glide formation.

##### 4.4.1. ASIMILASYON

Karaniwang nagkakaroon ng asimilasyon sa Ayta Magbukun kapag nagkakabit ng panlapi sa isang salita. Halimbawa, kapag inilalapi ang unlaping nagtatapos sa nasal na tunog gaya ng maN-, naN-, at paN- sa mga salita, nag-a-assimilate o lumalapit sa lugar ng artikulasyon ng katabing tunog ang nasal na tunog. Nagiging bilabial nasal ito bago ang mga bilabial stop (1a), dental nasal bago ang mga dental stop at mga alveolar na tunog (1b), at velar nasal sa iba pang environment (1c).



(30)

- (a) paN- + 'bi:.lang > pa.'m(b)i:.laŋ  
(b) paN- + tim.'bang > pan.(t)im.'baŋ  
    paN- + di.kit > pan.di.'kit  
    paN- + li.'ma > pan.li.'ma  
(c) paN- + 'ha:.la? > paŋ.'ha:.la?  
    paN- + ?a.'mak > paŋ.'a.'mak

#### 4.4.2. PAGKAKALTAS (DELETION)

Karaniwang nangyayari ang proseso ng pagkakaltas o pagkawala ng tunog upang mapasimple ang pagbigkas sa mga salita. Sa wikang Ayta Magbukun, maaaring magkaroon ng pagkakaltas pagkatapos ng proseso ng asimilasyon. Sa prosesong ito, nawawala ang unang katinig ng salitang nilalapian at napapalitan ng huling katinig ng panlapi, gaya ng makikita sa sumusunod na halimbawa:

(31) paN+ 'bi:.laŋ > pa.'mi:.laŋ

ASIMILASYON1: paN.'bi:.laŋ > pam.'bi:.laŋ  
ASIMILASYON2: pam.'mi:.laŋ  
PAGKAKALTAS: pa.'mi:.laŋ

(32) paN+ 'ku:.laŋ > pa.'ŋu:.laŋ

ASIMILASYON1: paN.'ku:.laŋ > paŋ.'ku:.laŋ  
ASIMILASYON2: paŋ.'ŋu:.laŋ  
PAGKAKALTAS: pa.'ŋu:.laŋ

#### 4.4.3. GEMINATION AT GLIDE FORMATION

Dalawang ponolohikal na proseso ang nangyayari kapag nagki-cliticize o kumakabit ang focus marker na ay sa salitang sinusundan nito: gemination at glide formation. Nagkakaroon ng gemination o paghaba ng katinig sa Ayta Magbukun kapag ang salitang sinusundan ng *ay* ay isang katinig. Ang huling katinig ng salitang kakabitan ng *ay* ay tila dumodoble at ang isa rito ay kumakabit sa *ay*. Kung ang salita naman ay nagtatapos sa patinig, nagkakaroon ng glide formation kung saan isang phonetically-similar na malapatinig na tunog ang pumapagitna sa patinig na nasa dulo ng salita at ng *ay*.

(33) Gemination

mag.bu.'kun=naj 'Magbukun ay'  
gut.'luŋ=ŋaj 'gitling ay'  
?im.'pit=taj 'impit ay'  
tul.'duk=kaj 'tuldok ay'

(34) Glide formation

ha.'ku=waj 'ako ay'  
'li:.tra=jaj 'letra ay'  
kaj.'ti=jaj 'dito ay'

### 5. BUOD

Labing-anim (16) na taal na ponemang katinig ang naitala sa wikang Ayta Magbukun. Pito sa mga ito ang stop (/p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, at /ʔ/), tatlo ang nasal (/m/, /n/, at /ŋ/), isa ang tap (/ɾ/), isa ang fricative (/h/), isa ang affricate (/dʒ/), dalawa ang approximant (/w/ at /j/), at isa ang lateral approximant (/l/). Karamihan sa mga ito ay maaaring makita sa unahan at dulo ng isang pantig. Ang /h/ at /dʒ/ naman ay hindi makikita sa huling bahagi ng isang pantig, samantalang ang /d/ ay

hindi lumilitaw sa dulo ng isang salita. Tatlo ang naitalang mga ponemang patinig sa Ayta Magbukun: /u/, /i/, at /a/. Ang mga ito ay maaaring makita sa una, gitna, at huling pantig ng salita.

Sapagsusurinaman samga suprasegmental na katangian, lumitaw na hindi sapat ang mga nakalap na datos upang ituring na phonemic ang diin at haba sa wikang Ayta Magbukun.

Tungkol sa phonotactics, lumitaw sa mga nakalap na datos na pinahihintulutan sa Ayta Magbukun ang sumusunod na estruktura ng pantig: KP, KPK, KKPK. Nakapagtala rin ng limang diptonggo sa pananaliksik na ito: /aw/, /uw/, /ij/, /aj/, at /uj/.

Tatlong pangunahing morpoponohikal na proseso ang makikita sa Ayta Magbukun: asimilasyon, pagkakaltas, at gemination at glide formation.

## 6. REKOMENDASYON

Dahil sa mga limitasyong dala ng kasulukuyang krisis pangkalusugan, hindi na nakapangalap pa ang mga mananaliksik ng karagdagang datos na maaaring magamit upang mas mapalawak ang sakop ng pag-aaral na ito. Mas mainam kung makapangalap pa ng mga audio recording ng mga natural at pang-araw-araw na usapan sa wikang Ayta Magbukun. Maaaring magamit ang ganitong uri ng mga audio recording upang maobserbahan ang iba pang morpoponohikal na prosesong mayroon ang wika. Mainam din itong gamiting pangunahing batayan sa pagsusuri sa papel ng intonasyon sa ponolohiya ng Ayta Magbukun.

Isa pa sa mga paksang mainam na suriin ay kung mayroon pang ibang central na patinig sa Ayta Magbukun bukod sa /a/ at kung mayroon nga ay bakit hindi na ito mababakas sa ponolohiya ng mga kasulukuyang mananalita ng Ayta Magbukun. ♦

## MGA TALA

<sup>1</sup> Lubos ang pasasalamat ng mga mananaliksik kina Aldrin Cayetano, Vilma Cayetano, at Nelia Gulisan para sa kanilang napakahalagang kontribusyon bilang mga language consultant para sa pag-aaral na ito. Nagpapasalamat din ang mga awtor kay Jenard Tricano at sa kaniyang pamilya para sa kanilang pagtulong sa pakikipag-ugnayan sa mga language consultant.

<sup>2</sup> Ang Sinauna ay isang wikang kilala rin sa mga pangalang Sinauna Tagalog at Dumagat, Remontado.

## MGA SINIPING AKDA

"Ayta, Magbukun." *Ethnologue*. Ed. David M. Eberhard, Gary F. Simons, and Charles D. Fennig. SIL International, 2021. Onlayn. 11 Abr. 2021.

Boersma, Paul, and David Weenink. "Praat: Doing Phonetics by Computer." *Praat.org*. 2011. Onlayn. 12 Abr. 2021.

Cabanding, Monica. "The deictic demonstratives of Aeta Magbukun." *ResearchGate*, [https://www.researchgate.net/publication/354948805\\_The\\_Deictic\\_Demonstratives\\_of\\_Ayta\\_Magbukun](https://www.researchgate.net/publication/354948805_The_Deictic_Demonstratives_of_Ayta_Magbukun). Inakses 28 Abr. 2021.

Delima, Purificacion G. "'Bahay-wika" for Ayta Magbukun: The Case of the Philippines." PDF.

Himes, Ronald S. "The Central Luzon Group of Languages." *Oceanic Linguistics* 51.2 (2012): 490-537. Onlayn. 28 Abr. 2021.

Reid, Lawrence A. "Possible Non-Austronesian Lexical Elements in Philippine Negrito Languages." *Oceanic Linguistics* 33.1 (1994): 37. Onlayn. 28 Abr. 2021.

Summer Institute of Linguistics and Department of Education. "Mamaha Kita Muy Na: Tamung Ma-In Gabay Ha Pagbaybay Ung Halitang Magbukun." PDF.

UP Department of Linguistics. "Word List for Language Documentation." PDF.



Si NOAH CRUZ ay kasalukuyang nagtuturo ng mga kurso sa linggwistiks sa Departamento ng Linggwistiks, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay nagtapos ng BA Linggwistiks at kasalukuyang kumukuha ng MA Linggwistiks sa parehong institusyon. Ang kaniyang mga interes sa pananaliksik ay ponolohiya, pagbabago ng wika, etnolinggwistiks, at sosyolinggwistiks.

Si YEDDAH JOY PIEDAD ay nagtapos ng kursong BA Linggwistiks sa UP Diliman. Ang kaniyang mga interes sa larangan ay ang pag-aaral ng mga sistema ng tunog ng mga wika at pagsusuri sa koneksiyon at interaksyon ng wika, kultura, at lipunan.

# Babaylanismo: Ang Maka-Pilipinong Ekofeministang Lapit sa Pagsusuri ng mga Eko-*Siday*

*Babaylanismo: A Filipinist-Ekofeminist Perspective in Analyzing Eco-Siday*

IAN MARK P. NIBALVOS

## ABSTRAK

Isang pagtatangka ang pag-aaral na pag-ugnayin ang panitikan at lipunan batay sa kaisipang babaylanismo-ekokritisismo. Pinalitaw ang ideya o ugnayan ng dalawang larang sa pamamagitan ng pagtingin sa lakas ng kababaihan na mauugat sa kapangyarihan at katungkulan nito sa sinaunang pamayamang Pilipino. Ginamit na batayan ang kaayusan ng sinaunang pamayanan lalo na ang estado ng babaylan bilang representasyon ng mga kababaihan. Iniugnay naman ito sa ekokritikal na pananaw partikular ang ekofeminismo. Kung kaya, ipinakikita sa papel na ito bilang panimulang pag-aaral, ang pagsusuri sa tatlong siday na nasa antolohiyang “Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray” ni Merlie M. Alunan: ang “Ha Akon Tunang Natawhan” (Sa Lupang Tinubuan) ni Iluminado Lucente, “Kan Inay, Paraghilot” (Kay Inay, Paraghilot) ni Jhonil Colima Bajado, at “Babayi” (Babae) ni John B. Simborios. Sinipat ang kaugnayan ng kababaihan sa ekolohiya, kung paano nagagamit ang lakas o kapangyarihan nito bilang mahalagang sangkap sa mga ugnayang nagaganap sa loob ng sistema tulad ng ugnayan nito sa kapuwa, sa kalikasan at sa lipunan. Ipinapanukala naman ang babaylanismo bilang isang teoryang tutuon sa lakas ng kababaihan sa loob ng ekolohiya sa pamamagitan ng kaniyang pakikilahok sa mga ugnayan sa kapuwa, sa lipunan at sa kalikasan na nagdudulot ng mga pagbabago. Ang pagbabagong itong tiningnan sa pagsusuri ay nakapokus sa tatlo: pangkalikasan, panlipunan, at pampolitika o pang-ekonomiya. Ito ay paghahalintulad sa kabisaan ng mga babaylan at ng babaylanismo na pakilusin ang mga nasasakupan nito o impluwensiyahan kung paano pakikitunguhan ang mga nilalang sa loob ng ekosistema, nakikita man o hindi.

*Mga Susing Salita:* Araling Pilipino, Araling Kasarian, Panitikang Pilipino, Ekokritisismo, Panunuring Pampanitikan

## ABSTRACT

The study is an attempt to link literature and society based on the idea of babaylanism-ecocriticism. The idea or relationship of the two fields was highlighted by looking at the strength of women rooted in their power and role in the early Filipino society. The structure of the ancient community, especially the state of babaylan, was used as a basis for the representation of women. It is linked to the ecocritical view, particularly ecofeminism. Therefore, this paper presents as a preliminary study, the analysis of three siday in Merlie M. Alunan's anthology "Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray": "Ha Akon Tunang Natawhan" (To My Motherland) by Iuminado Lucente, "Kan Inay, Paraghilot" (To Mother, Paraghilot) by Jhonil Colima Bajado, and "Babayi" (Woman) by John B. Simborios. It examines the relationship of women to ecology, how their strength or power is used as an important component in the relationships that take place within the system such as its relationship to others, to nature and to society. Babaylanismo is proposed as a theory that focuses on the strength of women within ecology through her participation in social and environmental relations that bring about change. This change viewed in the analysis focuses on three: environmental, social, and political or economic. It is a comparison to the efficiency of babaylan and babaylanism to mobilize its constituents or influence how creatures within the ecosystem are treated, whether visible or not.

*Keywords:* Philippine Studies, Gender Studies, Philippine Literature, Ecocriticism, Literary Criticism

## ANG BABAYLAN AT BABAYLANISMO

**B**inabaybay ni Padre Juan Felix de la Encarnacion (24) sa kaniyang *Diccionario bisaya-español* na unang inilathala noong ika-18 dantaon, ang babaylan bilang "babailan" na ang kahulugan nito sa mga Kristiyanong Bisaya ay "Sacerdotisa entre los idolatras" (babaeng namumuno sa ritwal panrelihiyon ng mga sumasamba sa mga idolo). Samantala, ayon naman kay Padre Alonso de Mentrída (36) na binabaybay rin ng katulad sa nauna, sa kaniyang *Diccionario de la lengua bisaya, hiliguenia y haraya de la isla de Panay* na inilathala noong ika-17 dantaon, nangangahulugan naman itong "sacerdotisa" o "pare pare sa mga babaye nga mga gentiles" (pari-parian sa mga babae ng mga di-bininyagan) o "babaylan".

Ang katagang "naga babailan" ay marami naman ang kahulugan: una, ang "maging o manungkulan bilang babailan"; pangalawa, "ang taong ginagawan ng mag-anito, at ang bayad ng gawaing babailan"; at pangatlo, "turuan ang isa pang ito'y maging babailan" (Salazar 30). Tinutukoy na "nag-aanito" (mula sa salitang "anito") ang pagsasakripisyo o pagsamba sa *diwata* (diyos, espiritu) o *umalagar* (kaluluwa/espiritu ng mga ninuno) na kapuwa ay matatawag ding "anito" (Salazar 30). Samakatuwid, ang babailan o babaylan ang nag-aanito sa sinaunang pamayanang Bisaya.

Ang babaylan ay isang tungkulin sa lipunan at sa sinaunang panahon halos lahat ng mga ito ay babae (Salazar 3). Sinalungguhan ni Salazar (6) ang kahalagahan ng Babaylan sa sinaunang pamayanang Pilipino dahil itinuturing ito bilang isa sa mga espesyalista sa lipunan (ang dalawa ay ang datu at ang panday). Siya ang pinakasentral na personahe sa larangan ng kalinangan, relihiyon at medisina at lahat ng uri ng teoretikal at praktikal na kaalaman hinggil sa penomeno ng kalikasan. Sa madaling salita, pagbabanggit pa ni Salazar (6), siya ay maituturing bilang isang *protoscientist* sa kabila ng kaniyang pagkadalubhasa hinggil sa tao at sa diyos. Kung gayon, sa isang lipunang hindi pa nadadatnan ng mga siyentipikong kaalaman noon, ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kalikasan at sa mga nagaganap sa kapaligiran ay maituturing na isa sa mga pinagmulan ng mga kaalamang pang-aghambansa. Noon pa man, mayroon nang batayan ng kaalaman o karunungan ang mga Pilipino wala pa man ang mga dayuhang mananakop. Kaya naman nasa isang babaylan ang tiwala ng tao lalo na sa larangan ng relihiyon. Siya ang namamahala sa mga ritwal, halimbawa sa agrikultura (Salazar 6). Siya ang nagtatakda kung kailan dapat magsimula sa paghahawan ng kagubatan at pagsusunog dito upang muling matamnan. Siya rin ang nagtatakda kung kailan magkakaroon ng pag-ani (Salazar 6).

Ang babaylan ang siyang nagsasagawa ng paganito, na isang seremonya ng

pakikipag-usap sa mga diwata o mga espiritu (Scott, *Looking for the Prehispanic Filipino* 125). Ang babaylan ang nagsisilbing midyum ng pakikipag-usap ng mga sinaunang Pilipino sa mga 'di nakikitang nilalang upang hingin ang tulong sa pagpapatubo ng mga pananim, pagkakaroon ng magandang ani ng mga ito, at panghuhuli ng mga hayop; para sa pagkakaroon ng magandang klima; para sa tagumpay sa pakikipaglaban; para sa paggaling ng maysakit o sa pagkontrol ng pagkalat ng sakit; at para sa ikapapayapa ng kaluluwa ng isang namatay.

Tinatawag ng mga Tagalog ang mga babaylan na "*katalunan*" (Scott, *Barangay* 239) o "*catalonan*" (Plasencia, nabanggit sa Salazar 32) o "*katalonan*." Maaaring babae o lalaki ang mga ito (Scott, *Looking for the Prehispanic Filipino* 125, Scott, *Barangay* 239, Salazar 32) o kaya naman binabae na tinatawag namang "*bayuguin*" (Scott, *Barangay* 239) o "*asog*" (Scott, *Looking for the Prehispanic Filipino* 125) o "*ayog*" (na ayon kay Merlita B. Espina sa kaniyang papel na "*A Critical Study of Ibalong, The Bikol Folk Epic-Fragment*" na inilathala sa UNITAS ng Unibersidad ng Santo Tomas noong Hunyo 1968, ay nangangahulugang isang binabae na nagsasalita at nagbibihis na parang isang babae, nagsusuot ng alahas at palamuti). Subalit sa pag-aaral na ito, ang tuon lamang ay sa mga babaeng babaylan na siyang dominante noon pa mang sinaunang pamayanan na mula sa mga prominenteng pamilya at mayroong kaya dahil sa pagsasagawa ng ritwal (Scott, *Barangay* 239). Malinaw na hindi lamang mga babae ang nagsasagawa ng mga ritwal o ng gawaing babaylanismo. Sa pag-aaral na ito, itutuon lamang ang kaisipang babaylanismo sa kababaihan bilang lundayan ng lakas o kapangyarihan ng babaylan na nagpatuloy hanggang sa panahong kasalukuyan dulot ng mga pagsasanay at mga hamon ng pagbabago sa lipunan. Ito ay pagtatangka pa lamang na maisalin sa panitikan ang kaisipang ito at maaaring mapalawak pa ang pagsasakatuturan dito sa pamamagitan ng mga diskursong akademiko ng mga mananaliksik, eksperto, guro, mag-aaral at iba pang may interes sa paksa o konseptong ito.

Sa kabilang banda, ang terminong babaylanismo ay nagagamit naman sa ilang mga artikulo bilang isang praktika o ang pagsasagawa ng mga bagay na may kinalaman sa tungkulin ng isang babaylan tulad ng ritwal sa pagtawag sa mga 'di nakikitang nilalang. Wala itong tiyak na depinisyon o isang istandard na kahulugan sapagkat hindi pa makikita sa mga diksiyonaryo ang salitang ito. Nababanggit

ito sa artikulong "*Babaylanismo: Bringing Back the Old Way*" mula sa pahina sa *internet* na *Mi Dulce Vida: Arts, Lifestyle, Metaphysics, Occult, Photography, Poetry, Rants, and Social Issues, Technology...*, bilang isang pasalitang tradisyon sapagkat naililipat-lipat mula sa isang henerasyon tungo sa susunod na henerasyon ang praktikang ito. Ganito rin ang pagkakagamit sa termino sa artikulong "Ang mga Babaylan sa Sinaunang Panahon" ni John N. Ponsaran na mula naman sa pahina sa *internet* na Diwang Palaboy.

Bagama't matagal-tagal nang nagagamit ang terminong ito sa ilang mga artikulo, susubukan ng papel na itong bigyan ng kahulugan ang babaylanismo sa larangan ng panunuring pampanitikan, partikular bilang isang saligan sa pagsusuri ng mga siday. Napiling suriin ang mga siday, na tinatawag na eko-siday sa pag-aaral na ito, sapagkat mayaman ang pangkulturang produksiyon ng mga Waray sa pakikipag-ugnayan hindi lamang sa kaniyang kapuwa kundi maging sa kapaligirang kaniyang ginagalawan. Bilang pamayanang napaliligiran ng katubigan at kinalalagyan ng malalawak na lupain at kabundukan o kagubatan, pinanahanan din ang Samar at Leyte ng iba't ibang likas yaman, may buhay man o wala. Bahagi ang mga ito ng kanilang pinagkukuhanan ng "*pakabuhi*" (kabuhayan) at sa anumang sistemang panlipunan na malaki ang epekto sa kanilang "*kinabuhi*" (buhay o pamumuhay). Pinalilitaw rito ang babaylanismo bilang lakas ng kababaihan, partikular sa lipunang Waray, sa pamamagitan ng pag-uugat sa kapangyarihan at katungkulan nito sa sinaunang pamayanang Pilipino. Mahalagang maipook sa isang partikular na panahon at espasyo sa pag-aaral na ito ang kaisipang babaylanismo bilang panukalang batayan sa panunuring pampanitikan upang makita ang mga espesipikong ugnayang nagaganap sa isang pamayanan. Ang mga kaisipang ito na ilalatag sa ilang bahagi ng artikulo ang isang posibilidad ng pagbabasa at pagsusuring nag-uugnay sa ekokritikal na pananaw, partikular ang ekofeminismo, at panitikan na maaaring mailapat sa karanasan at pangkulturang produksiyon ng mga Pilipino sa ibang rehiyon o lalawigan. Layunin nitong magpanukala ng bagong kaisipang pampanitikan na makikipagtalastasan sa feminis mong pananaw, na madalas ay mula sa o maka-Kanluran, o sumubok bumuo ng panibagong sanga ng ekokritisismo na lapat sa mga akdang Waray at sa iba pang akdang Pilipino.



## ANG SIDAY AT ANG MGA NAGING PAGBABAGO SA ANYO NITO SA PAGLIPAS NG PANAHON

**N**oon pa mang bago tumapak sa kalupaan ang mga dayuhang Espanyol sa mga isla ng Samar at Leyte ay mayaman na ang mga katutubong Samareño at Leyteño sa paglikha ng tula sa paraang pabigkas. Unang naitala ng mga prayleng sina Padre Pedro Chirino at Padre Ignacio Francisco Alcina ang panulaang Waray. Ayon kay Chirino, ang mga Bisaya (kasama na ang mga Waray) ay may mga berso tungkol sa pinagmulan ng mundo, paraiso, mga delubyo at mga dinakikitang bagay na inaawit nila sa iba't ibang mga gawain o okasyon (Nabong-Cabardo, Diosdado, at Llaneta 12). Samantala, inisa-isa naman ni Alcina ang mga anyo ng tula ng mga sinaunang Waray: ang **ambahan** na inaawit ng marami o ng mga miyembro ng pamayanan sa tuwing pista; ang **bikal** na patulang diskurso o pagpapalitan ng mga berso ng dalawang lalaki o dalawang babae sa paraang debate; ang **balak** na pagpapalitan din ng berso ng lalaki at babae ngunit ang tema nito ay pag-ibig; ang **sidai o siday** na pinakamahirap sa lahat at itinatanghal upang papurihan ang isang tao, gunitain ang katagumpayan ng mga ninuno, at magpahayag ng paghanga sa kagandahan ng isang babae; ang **parahaya** na inaawit sa tuwing mayroong patay; at ang **awit** na kinakanta sa tuwing naglalayag, naghahabi, naglalakad pauwi mula sa palayan (Vilches 61; Nabong-Cabardo, Diosdado, at Llaneta 12). Mayroon pang ilang mga anyong tulang naidokumento sa panahong ito tulad ng mga *titiagoon* o bugtong na ginagawang laro, ang *sareta* na isang patulang pagsasalaysay sa katapangan at kahinaan ng kanilang mga pinaniniwalang diyos o bayani, at ang *luwa* na mas pormal na anyo ng pagtula na mayroong regular na estruktura at ritmo (Nabong-Cabardo, Diosdado, at Llaneta 12-13).

Sa paglipas ng panahon, nalambungan ng impluwensiyang kanluranin ang mga anyong tulang ito ng mga katutubo. May ilang naglaho dahil na rin sa mga pagbabagong dulot ng paiba-ibang kaayusan sa lipunan. May ilan din namang napanatiling buhay subalit nagkaroon ng transpormasyon sa iba't ibang panahon tulad ng balak na tinawag na *amoral* (mula sa salitang "*amor*") sa panahon ng mga Espanyol at naging "*ismayling*" (mula sa salitang "*smiling*") sa panahon ng mga Amerikano. Napanatiling buhay rin ang mga bugtong, salawikain at mga awitin hanggang sa kasalukuyang panahon ngunit sa mga anyo ng tulang nababanggit,

tanging ang siday ang nagtamasa ng mataas na pagpapahalaga sa maraming mga manlilikha o manunulat. Kung kaya sa pagpasok ng Siglo 20, mas tumingkad ang paglikha ng siday na siyang istandard na termino na para sa tulang Waray.

Namulaklak ang panulaang Waray sa unang dekada ng Siglo 20 na unang bahagi rin ng pananakop ng mga Amerikano. Mula sa tradisyong pabigkas ng mga katutubong Waray, sa panahong ito naman unti-unting naipahahayag nila ang kanilang damdamin sa pamamagitan ng pagsusulat. Pagsasaad ni Vilches (nasa Alunan 90), "*Waray written poetry was born in the interim years between the end of the Spanish rule in 1898 and the early years of American colonization, which started shortly thereafter.*" Nababanggit din ni Gracio (5) na "[t]he literary expression during the early period of American occupation was primarily poetry." Ang pag-unlad ng ekonomiya at ang pagsulpot ng iba't ibang mga publikasyon ang pinakapangunahing dahilan sa pag-unlad ng panulaan sa Samar at Leyte (Sugbo; Gracio 4; Aurillo 110 ). Mula 1900 hanggang 1910, ilang mga pahayagan ang naging espasyo upang maipamalas ng ilang makatang Waray ang kanilang husay sa paglikha ng siday.

Sa pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya tulad ng radyo at kompyuter, mas lalong kinakitaan ng pagyabong ang siday bilang pangunahing anyo ng panitikan ng mga Waray. Nabigyan ng espasyo ng mga *paragsiday* (lumilikha ng siday) na maipahayag ang kanilang damdamin sa radyo sa pamamagitan ng DYVL, isang estasyon sa radyo na pinamamahalaan ng Manila Broadcasting Company (MBC) na itinatag ni Don Manolo Elizalde bago pa man ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Bagulaya 63). Iba-ibang mga isyu ang tinalakay sa mga tula tulad ng reporma sa lupa, kapaligiran, korupsiyon at katiwalian sa gobyerno, adiksiyon sa droga, katapatan sa serbisyo, at kapayapaan at kaayusan. Lumawak pa ang kaisipang naitatanghal sa mga likhang-siday dahil sa karanasang dulot ng modernong panahon, mga kalamidad tulad ng bagyo at lindol, sitwasyong pampolitika sa bansa, at pandemyang dulot ng mga nakahahawang sakit tulad ng COVID-19 o coronavirus. Maliban sa mga nailalathalang aklat ng kalipunan ng mga siday, naging espasyo rin ang social media tulad ng Facebook at YouTube upang itampok ang mga ito. Sa pagbabago ng panahon, nakita rin ang transpormasyon ng siday na kababakasan na ng mga danas sa pakikipag-ugnayan ng tao sa kaniyang kapuwa at sa iba



pang nilalang, buhay man o hindi. Umusbong ang mga eko-siday na tumatalakay sa mga isyu o usaping umiinog sa tinatawag na ekolohiya o ekosistema tulad ng politika, ekonomiya, kasarian, kalikasan, at iba pa.

## **BABAYLANISMO: ANG PANGINGIBABAW NG KAPANGYARIHAN NG KABABAIHAN SA KASAYSAYAN**

**N**apakahalagang banggitin ang malaking papel na ginampanan ng kababaihan sa sinaunang pamayanang Pilipino. Isa sa mga iginagalang na mga tauhan sa dating lipunan ang mga babaylan. Sila ang mga itinuturing na eksperto sa literatura, relihiyon, kasaysayan, sikolohiya, medisina, at iba pang agham at gawaing may kinalaman sa mundo ng diwa (Salazar 18). Sa larangan ng relihiyon, sila ang namamahala sa mga ritwal na siyang pinagmulan ng ating tinatawag na drama o teatro at iba pang anyong pampanitikan (Salazar 6). Sila rin ang namamahala sa kabuoang mitolohiya ng bayan na bahagi ng kanilang kaalaman at sa kaalamang medikal ng lipunan mula sa bawat barangay at buong bayan hanggang sa buong pamayanan ay nasa kanilang pag-aalaga (Salazar 14).

Sinasalunguhitan din ni Cristine Ivy Alarcon-Nogot sa kaniyang papel na *“Conceptualizing Female Gender Roles in Philippine History and Culture Through Literature,”* na sa panahon bago ang mga pananakop, ang kababaihan ay humahawak na ng mahahalagang tungkulin at karapatan (90). Tinukoy naman ni Quindoza-Santiago ang mga importanteng tungkuling ito ng mga sinaunang kababaihan: *“They had sufficient opportunity to be equal with men in community affairs. It could also be said that they had the opportunity to make decisions on social and political matters.”* (161).

Ayon kay Nancy Kimuell-Gabriel, ipinakikita sa ating kasaysayan na malakas at makapangyarihan ang mga babaeng Pilipino na nagsisilbing tagapagbigay ng ginhawa ng katawan at kaluluwa tulad ng mga nabanggit na mga babaylan (71). Pagdaragdag pa, tinitingnan na kalakasang taglay ng diwa ng bawat babae ay ang paggawa ng paraan, pagbabanat ng buto, pag-aalay ng talino, pag-aangkop at pakikibagay sa lahat ng sitwasyon, pagbubuo ng loob sa pakikibaka at pakikisangkot.

Sa paglipas ng panahon at dulot ng mga pagbabago salipunan, lumawig ang tungkulin ng babaylan sa lipunan. Mula sa mga gawaing may kaugnayan sa pananampalataya, panggagamot,

pangangalaga sa kanilang mayamang tradisyong mahahalagang batayan ng tiwala at paggalang ng mga tao sa kanila, hinamon din ang kanilang lakas at kapangyarihan na ipagtanggol hindi lamang ang sarili kundi ang kanilang kapuwa na binawian ng dangal ng mga mapagsamantalang dayuhan. Bagama't marami sa kanila ang napilitang yakapin ang impluwensiyang dala-dala ng mga kanluranin, marami rin naman ang hindi nagpasakop at ginustong umakyat na lamang sa mga bundok o pumunta sa malalayong lugar na hindi abot ng mga mananakop upang ipagpatuloy ang kanilang gawain, ang babaylanismo. Pinalakas ng mga babaylan ang kanilang puwersa upang ipagtanggol ang kanilang pamayanan sa mga dayo. Inangkin na rin nila ang tungkulin ng pakikidigma upang maipagpatuloy ang pag-aalay ng ginhawa sa kapuwa.

Sa pagsiklab ng himagsikan, ibinangon muli ng kababaihan ang kanilang dangal. May ilang mga babaylan na piniling maging mapaghimagsik o magtatag ng mga grupo kaysa lamunin ng sistemang kolonyal. Itinatag nila ang mga samahang sa pagdating ng oras ay magiging samahan o kapatirang mesyaniko (Salazar 19). Karamihan sa mga rebelyon sa ating kasaysayan ay may kabahaging babaylan (subalit hindi lahat ng mga babaylang nag-aklas laban sa mga mananakop ay kababaihan, marami sa kanila ay mga kalalakihan tulad nina Tamblot, Tapar, at Bankaw), may bahaging panrelehiyon at pangkalinangan, hanggang sa nagkaroon ng politikal na himagsikan --- ang Himagsikan ng Katipunan sa dulo ng ika-19 na dantaon (Salazar 19). Nakisangkot ang kababaihan sa iba't ibang tungkulin sa pakikipaglaban, ito man ay pampamunuan, pangmilitar, panlipunan, at pangkalinangan (Rodriguez-Tatel 136). Nanguna ang ilan sa kanila sa kontra-paniniktik (*counter-espionage*) laban sa mga Kastila (Rodriguez-Tatel 136). Ayon kina Regino Paular at Augusto de Viana (nabanggit sa Rodriguez-Tatel 136), mas mahalaga ang paraang ito kaysa paniniktik mismo dahil sa pamamagitan nito ay madaling natutuklasan, nakokontra, at nagagapi ang estratehiya ng kalaban.

Dahil sa sinanay o nagsanay sa panggagamot, kinasangkapan nila ang kanilang mga sarili upang alagaan at muling ibalik ang lakas ng mga mandirigmang nasusugatan sa mga labanan. Malaki rin ang naging ambag ng mga samahang pangkawanggawa tulad ng *Asociacion de Damas de Cruz Roja* at *Asociacion Filantropica de Damas* na itinatag at pinatakbo ng kababaihan (Rodriguez-Tatel

139). Ang mga miyembro nito ang kumupkop, nag-aruga, at nagpagaling sa mga sugatang kasapi ng Katipunan (Rodriguez-Tatel 139). Pinangasiwaan din nila ang pagbibigay ng iba pang mga pangangailangan ng mga mandirigma tulad ng pagkain, gamot, bala, at armas at maging ang pangangalaga sa mga iniwang pamilya upang maipagpatuloy ang pakikipaglaban sa bayan (Rodriguez-Tatel 139).

Dahil sa tumitinding pangangailangan na magamit ang puwersa ng babaylan para sa bayan, umusbong ang ilang kababaihang hinasa ang kakayahan upang maging babaylan at upang pamunuan ang ilang sagupaan. Umangkop ang kanilang tungkulin sa hamon ng bagong kaayusang panlipunang dulot ng pananakop lalo na sa mga pananamantala ng mga dayuhang mananakop. Kabilang sa mga nakipaglaban ay sina Henerala Gregoria Montoya (bayani ng labanan sa Tulay ng Calero, Dalahikan), Trinidad Tecson (bayani ng labanan sa Bulakan), Marcela Marcelo *a.k.a.* “Selang Bagsik” ng Kabite, Henerala Agueda Kahabagan ng Laguna, Teresa Magbanua *a.k.a.* “Nay Isa” ng Iloilo, at marami pang iba (Rodriguez-Tatel 139). Pagpapatunay lamang ito na ang kababaihang Pilipino ay hindi lang naging tagamasid sa panahong itinuturing na napakahalagang yugto ng ating kasaysayan. Naging katuwang sila ng mga kalalakihan ng paghahangad na muling mapalaya ang bayan at makapagtatag ng isang mas maunlad na bayan. Nararapat kilalanin ang papel na kanilang ginampanan upang maisakatuparan ang tungkulin sa bayan, ang paghahatid ng ginhawa sa kapuwa na siyang tungkulin ng babaylan at esensiya ng babaylanismo.

Sa pagsapit ng ika-20 siglo, lumaganap ang ilang reporma o kaayusan sa lipunan lalo na sa kasaysayan ng mga kilusang pangkababaihan sa Pilipinas. Itinatag noong 1905 ni Concepcion Felix de Calderon ang unang organisasyong feminista, ang *Asociacion Feminista Filipina* (AFF) (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Kasama niya sa pagtatag nito ang ilang kababaihan mula sa mga angkang maykaya o *elite* tulad nina Trinidad Rizal, Librada Avelino, Maria Paz Guanzon, Maria Francisco, ang magkakapatid na Almeda at Luisa de Silyar (Estrada-Claudio *w. p.*, nabanggit sa Hega, Alporha, at Evangelista 2). Sunod na naitatag naman ang *Asociacion Feminista Ilongga* na pinamunuan ng isang babaeng maykaya na si Pura Villanueva-Kalaw (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Pinangunahan nito ang pakikipaglaban sa karapatang bumoto ng mga kababaihan na naaprubahan sa isang plebisito noong ika-30

ng Abril, 1937 (Quindoza-Santiago, 165).

Itinatag din ng AFF ang *La Proteccion de la Infancia, Inc.* at kalauna’y ang *Gota de Leche* na nangalaga sa kalusugan ng kababaihan at kabataan bilang tugon sa mataas na bilang ng mga namamatay na buntis at bagong silang na mga bata (Estrada-Claudio, nabanggit sa Hega, Alporha, at Evangelista 2). Isang pangorganisasyon ang nabuo, ang Samahang Makabayan ng mga Babaing Pilipino o *National League of Patriotic Women* noong taong 1937. Binubuo ito ng mga makabayan, makakalayaan, kontra-Amerikanong Sakdalista na naniniwalang hindi dapat makisangkot ang kababaihan sa politika sapagkat ito ay isang kanluraning praktika o kaugalian (Terami-Wada 100-101).

Sa pagsapit ng pananakop ng mga Hapones sa bansa, naging biktima ang kababaihang Pilipino sa ilang di-makataong pagtrato ng mga dayuhang mananakop tulad ng panggagahasa at pang-aalipin. Ngunit may mga kababaihan ding nakisangkot sa mga pakikibaka laban sa mga mapang-aping Hapones tulad ni Felipa Culala na kilala sa tawag na Dayang-dayang (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Isa siya sa mga babaeng gerilyang komander na namuno sa pakikipaglaban sa mga Hapones noong taong 1942 bilang kabahagi ng pagkilos ng mga HUKBALAHAP o Hukbong Bayan Laban sa mga Hapon (*People's Army Against the Japanese*) (Hega, Alporha, at Evangelista 2). Ipinakita ng kababaihang gerilya na sa panahon ng pang-aalipusta ng mga dayuhan, naipakikita nila ang kanilang katapangan at nangunguna sa pakikipagsagupaan.

Sa paglipas pa ng panahon, ilan pang mga kilusang kababaihan ang unti-unting isinilang upang iparinig ang kanilang boses sa lipunan. Mas naging maigting ang kanilang pakikipagsapalaran upang makuha ang pantay na pagtrato at pagkilala sa karapatan. Noong 1975, itinatag ang Katipunan ng Bagong Pilipinas (KABAPA) na nagsulong sa tinatawag na *Third World Feminism* at tumutugon naman sa mga isyung pangkasarian lalo na ang pagkakapantay-pantay, kaunlaran, kapayapaan, kalayaan, at kasiyahan ng mga kabataan (Hega, Alporha, at Evangelista 3). Dalawa pang mga organisasyong pangkababaihan ang naitatag noong Dekada 80. Una, ang Kilusang Kababaihang Pilipina (*Philippines Women's Movement*) o PILIPINA noong 1981, at ang Katipunan ng Kalayaan para sa Kababaihan (*Organization of Women for Freedom*) o KALAYAAN noong 1983 (Hega, Alporha, at Evangelista 3). Kapuwa ang mga organisasyong ito ay nagsusulong sa

pangangailangang magkaroon ng hiwalay at nagsasariling kilusan bilang pagkilala sa isang demokratikong pambansang balangkas (Elumbre 211-212). Nabuo rin ang GABRIELA o *General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action* noong 1984 na may layuning pagbuklurin ang mga organisasyong nagsusulong ng feminis mong paniniwala subalit dumaan ito sa isang matinding hamon sa pagtalakay sa mga isyung may kinalaman sa kababaihan (Hega, Alporha, at Evangelista. 3). Ilan sa mga miyembro nito ang tumiwalag sa kilusan kaya humina hanggang sa maitatag ang *GABRIELA Women's Network* at ang kanilang *party-list* na grupong *Gabriela Women's Party*.

Nang muling maibalik ang demokrasya o sa pagtatapos ng rehimen ni Marcos, ilang mga politikal na aktibista ang nagtatag ng mga *non-government organization* (NGO) bilang ekstensiyon ng kanilang pagsasabuhay ng demokrasya, ngayon sa pamamagitan ng mga gawaing pangkaunlaran. Ang ilang mga tagapagsulong ng feminismo ay nagsagawa ng mga seminar sa mga komunidad, mga eskuwelahan, mga opisinang pampamahalaan, at mga NGO upang palakasin ang kamalayan sa mga isyung pangkababaihan at karapatan ng mga kababaihan (Hega, Alporha, at Evangelista 5). Sa unang bahagi ng Dekada 90, ilang mga kolehiyo at unibersidad ang nagkaroon ng hakbang upang isama sa kanilang kurikulum ang mga araling pangkababaihan (Hega, Alporha, at Evangelista 5). Samantala, tumugon din ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagbuo ng mga estratehiya upang maging *gender-sensitive* ang burukrasya kaya itinalaga ang ilang *women's right advocates* na maging konsultant sa mga programang pampamahalaan na may kaugnayan sa kababaihan (Estrada-Claudio). Maging ang 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, na siyang batayang konstitusyon hanggang sa kasalukuyan ay nagbigay rin ng mandato na kilalanin ang tungkulin ng kababaihan sa pagtatatag ng isang bansa at nagsisiguro sa pantay na pagtrato sa kanila (Hega, Alporha, at Evangelista 5). Ang Batas Republika (RA) 7192 o ang *Women in Development and Nation-Building Act* ng 1992 ay nagbigay naman ng legal na batayan para sa pagkakaroon ng pantay na oportunidad sa mga kalalakihan at kababaihan sa buhay politika at sibiko (Hega, Alporha, at Evangelista 7).

Palagi nang sa mga pagkakataon ay idinidikit sa pagiging babae ang kahinaan, ang pagiging palaasa o dependensiya sa kalalakihan (Mendoza 80). Lagi ring itinuturing ang babae

bilang materyal na bagay na pagmamay-ari ng kalalakihan at gamit na pinaikot ng lipunan (Mendoza 80). Ngunit, sa papel na ito, itinatanghal ang kalakasan ng kababaihan at ang kanilang kabayanihan sa mga bahagi ng ating kasaysayan na sa matagal na panahon ay hindi kinilala o binigyan ng pagpapahalaga. Sa lipunang ating nakasanayan, ang lipunang patriyarkal, hindi nabibigyan ng boses ang karamihan sa kanila. Bagama't marami na ang nagtagumpay sa kanilang mga karera o larangan tulad sa politika at negosyo, nasasadlak pa rin ang malaking bilang ng kababaihan sa kolonyal na pagtingin sa kanilang kakayahan. Panahon na upang maisulong natin ang pagpapaunawa sa angking kapangyarihan ng kababaihang Pilipino na nakaugat sa mayaman at malayang sinaunang lipunan. Ang lakas ng babaylan ay napanatiling buhay mula noon hanggang ngayon bilang isang praktikang panlipunan na umangkop depende sa hinihingi o pangangailangan ng lipunan sa bawat panahon. Ang praktikang babaylanismo ay naipasa-pasa sa pamamagitan ng pagsasanay sa ilang kababaihan sa mga pamayanan, sa pakikipag-ugnayan ng kababaihan sa kanilang kapuwa tulad ng pag-aalaga sa maysakit at pagbibigay ng payo upang gabayan sa paggawa ng desisyon, pakikilahok upang ipagtanggol ang pamayanan sa mananakop at mapanatili ang kultura o tradisyon, at iba pa. Kung kaya, pinangingibabaw sa papel na ito ang kalakasan ng kababaihan sa lipunang Pilipino sa pamamagitan ng pag-uugat sa maka-Pilipinong kaayusang panlipunan bilang batayan ng kanilang kapangyarihan.

Matutunghayan sa ating kasaysayan ang puwersa ng kababaihan mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Malaki ang kanilang naging papel sa mga usaping panlipunan, pang-ekonomiya at pangkaunlaran. Ito ay patunay na ang kanilang lakas ay maaaring makapagdulot ng pagbabago. Nabago lamang ang kanilang katayuan sa lipunan nang dumating ang mga mananakop dahil sa kaayusang patriyarkal na ipinakilala at impluwensiya. Subalit patuloy na nakibaka ang mga kababaihang hinubog ng kanilang pakikipagtunggali sa pananamantala at pagyurak sa kanilang karapatan. Kaya naman, sa kasalukuyan, muling naibabalik sa kanila ang pantay na kapangyarihang makapagdulot ng pagbabago sa lipunan na mauugat pa sa mga babaylan ng sinaunang pamayanang Pilipino. Ang pinakaubod ng babaylanismo ay ang pagpapahalaga sa buhay, ginhawa, at dangal ng kanilang lahi. Sa

atlong ito naiuukol ng babaylan ang kanilang lakas at kapangyarihan hindi lamang para sa sarili kundi para sa kapuwa at sa buong pamayanan o bayan. Noon, kasangkapan ang kanilang lakas upang patnubayan ang kanilang kapuwa laban sa masasamang espiritu hanggang sa nagamit ito sa pakikipaglaban sa mga mapagsamantalang dayuhan at sa mga taong umaabuso sa karapatan ng mga mamamayan sa kasalukuyan. Lahat ng ito'y pag-aalay para sa buhay nang makamit sa huli ang kaginhawaang panlahat at higit pa upang maitindig ang karangalan ng kababaihan na pilit na niyuyurakan ng mga naghahari-harian sa lipunan. Ito ang panghahawakan ng mga kababaihan upang makapagdulot ng pagbabago sa kasalukuyan, ito man ay pangkalikasan, panlipunan, at pampolitika o pang-ekonomiya.

## ANG LUGAR NG KABABAIHAN SA EKOLOHIYA

**B**inigyang-katuturan ni Glotfelty at Fromm (xviii, nabanggit sa Santos 68) ang ekolohiya bilang ugnayan ng mga ugnayan, ng tao, di-tao, at ibang mga bagay sa kabuoan ng sandaigdigan. Paglilinaw ni Santos (68) na iba ang kahulugan nito sa kalikasan. Binibigyang-tuon din ni Phillips (581) ang salitang kabuoan. Ayon sa kaniya, ang ekolohiya ay ang pagkakaugnay-ugnay ng mga likas na proseso. Ang bawat bahagi ng isang tanawin ay bumubuo sa kabuoan tulad ng mga nilalang na dumidepende sa lipunang kaniyang kinabibilangan. Sa madaling salita, sa ekolohiya, *“everything is connected to everything else”* (Phillips 581).

Iniuugnay naman ni Murray Bookchin (nabanggit sa Buell, Heise, at Thornber 35) ang ekolohiya sa lipunan. Ang ekolohiya sa kaniya ay may kinalaman sa *social environment* at *natural ecology*. Pagpapaliwanag ni Bookchin, ang panlipunang mundo ay bahagi ng ekolohikal na kapaligiran. Samantala, inilalarawan naman ni Marina Fischer-Kowalski (nabanggit sa Buell, Heise, at Thornber 35) na ang Ekolohiyang Panlipunan, bilang isang iskolarling perspektiba ay tumutukoy sa mga lipunan at ang kanilang kapaligiran bilang magkakaugnay na sistemang bayopisikal. Pagdidiin pa ni Fischer-Kowalski, na sinusubukang ilarawan ng Ekolohiyang Panlipunan ang mga tanong hinggil sa mga dimensiyong kapitalista at pang-ekonomiya.

Samakatuwid, batay sa mga konseptong inilalahad sa mga naunang talata, malawak ang saklaw ng ekolohiya. Hindi ito nakakulong

lamang sa konsepto ng kalikasan o kapaligiran kundi ito ay tumatalakay rin sa usaping panlipunan. Ang tao bilang bahagi ng ekolohiya, ay may kakayahang makapagdulot ng pagbabago sa lipunang kaniyang ginagalawan sa pamamagitan ng kaniyang ugnayan sa tao, sa kapaligiran at sa kaniyang lipunan (partikular sa kaniyang kakayahang balansehin ang estadong panlipunan at pang-ekonomiya).

Kung titingnan natin ang lugar ng kababaihan sa ekolohiya, nararapat na suriin ang kanilang kalagayan sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kapuwa tao, kalikasan, at lipunan. Mahalaga ang kanilang papel sa ekolohiya, malaki rin ang epekto sa kanila ng pananamantala ng ibang nilalang na nagdudulot ng pagkasira ng kapaligiran, pagkakawatak-watak ng mga tao at paghina ng ekonomiya. Sa artikulong, *“Feminism and ecology: the same struggle? --- The shaping of ecofeminism”* ni Marijke Colle, inilalatag niya ang tungkulin ng kababaihan sa lipunan tulad ng mga gawaing pantahanan, ang pag-aalaga sa mga bata o anak, matatanda, mga maysakit, at iba pa, at dahil dito sila rin ang inaasahang manguna sa pagpapahalaga sa mga isyung ekolohikal at pangkalikasan o pangkapaligiran. Hinihingi sa kanilang tungkulin na pangalagaan ang kapaligiran upang maprotektahan ang buhay ng kanilang mga anak, pamilya at ibang taong malapit sa kanila. Sinasabi pa ni Colle, na kailangan nilang maging malay sa ugnayan ng tao at ng kaniyang lipunan, ang interkoneksiyon ng kalikasan sa tao, ang pangangailangang kumilos, at ang pagpapahinto sa pagsira sa mundong ating tinitirhan.

Kaugnayan naman ng babae o ng kababaihan sa kalikasan ang pinagsikapang pag-aralan nina Ifechelobi Jane Nkechi at Asika Ikechukwu Emmanuel na pinamagatang, *“Women and Ecology: An Eco-Feminist Reading of Chinua Achebe’s Things Fall Apart.”* Mayroong mahalagang tungkulin ang kababaihan at ang kalikasan sa lipunan: ito ay ang mangalaga, magparami, at muling lumikha. Sinasabi ni Vandana Shiva (nabanggit sa Nkechi at Emmanuel 33) na ang kababaihan sa mauunlad na bansa ay isa sa mga itinuturing na tagapagbigay ng yaman sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kalikasan at maituturing ding eksperto sa holistiko at ekolohikal na kaalaman sa mga prosesong pangkalikasan. Pagtukoy naman ni Adrian Harris (nabanggit sa Nkechi at Emmanuel 33), ang pangigingibabaw ng kababaihan at ng kalikasan at ang mga pagsusumikap na pangalagaan ang kalikasan ay napakahalaga upang mapagtagumpayan ang



paglaban sa opresyon sa kababaihan.

Sa kabila ng pagmamaliit at pagyurak sa kakayahan ng kababaihan sa lipunan hindi lamang sa Pilipinas, kundi maging sa ibang panig ng mundo, ang lakas ng kababaihan sa ekolohiya ay gagamiting pundasyon ng paniniwala na sila ay may kapangyarihang pinanghahawakan upang baguhin ang kaayusan sa lipunan bilang bahagi ng ekolohiya. Hindi layunin ng papel na ito na paghambingin ang lakas ng babae at lalaki o ang halaga ng babae at lalaki, kundi ninanais lamang nitong ipakita na ang babae o ang kababaihan ay malakas bilang mga nilalang at bilang bahagi ng ekolohiya. Sisipatin ang kanilang tungkulin sa mga interaksyong nagaganap sa lipunan na hindi lamang nakakulong sa mga tunggalian sa kasarian kundi maging sa estado sa buhay o katayuan sa lipunan. Mas tinitingnan dito ang kakayahan ng mga kababaihang makisangkot sa iba't ibang ugnayan tulad ng pananamantala ng mayayaman o mga kapitalista upang palaguin ang negosyo kahit na ang kapalit ay pagkasira ng kalikasan tulad ng pagmimina, pagtotroso, iligal na pangingsida at iba pa; ang di-pantay na pagpapairal ng karapatan sa bawat isa tulad ng inhustisya sa mga mahihirap, pagsupil sa kalayaan sa pagpapahayag o kawalan ng boses ng mga mahihirap, ang sobra-sobrang pagbibigay ng pribilehiyo sa mga taong makapangyarihan sa lipunan o may mataas na katungkulan sa pamahalaan; ang paglaganap ng kultura ng karahasan; at marami pang iba. Sa mga isyung ito hinahamon ang tungkulin ng kababaihan na makapagdulot ng pagbabago sa lumalaganap na mga ugnayang may masamang epekto sa buong sistema o ekosistema lalo na sa pagsisikhay na magkaroon ng maayos na buhay o pamumuhay at ginhawa para sa kaniyang kapuwa upang maitaas ang dangal at karangalan ng bawat nilalang. Hindi lamang nakagapos sa usapin ng kasarian lalo na sa pagiging babae ang ideang ipinalalaganap ng babaylanismo kaya maaari itong isulong hindi lamang ng mga kababaihan kundi pati na rin ang mga kalalakihan at mga miyembro ng LGBTQI (lesbian, gay, bisexual, transgender, queer, and intersexed community).

Mahuhugot ang kanilang lakas o kapangyarihang ito sa mga babaylan bilang simbolo ng kapangyarihan ng mga kababaihan sa lipunan sa kasalukuyan. Ang kalakasang ito sa ekolohiya ay nagmumula sa paniniwala ng mga babaylan na ang Bathala ay makikita sa kalikasan o kapaligiran. Dahil sa paniniwalang ito na ang Bathala ay nasa kalikasan, may paninindigan silang kailangang itigil ang

pagsira sa kagubatan at pagsalaula sa hangin at tubig (Villariba 55). Isa rin sa kanilang kaugnayan sa kalikasan ay ang kanilang pagdarasal sa mga kuweba, sa mga burol o bundok. May malakas silang persepsiyon sa pagkasira ng kalikasan at pagkakaroon ng kalamidad sa pamamagitan lamang ng kanilang “pakikiramdam” (Villariba 56). Sila ay sensitibo sa mga nagiging sanhi ng mga kalamidad at handa nilang ibuwis ang kanilang buhay maitigil lamang ang ilegal na pagtotroso at pagmimina. Masasabi nga na espesyal ang katayuan ng mga babaylan sa ekolohiya lalo na sa kalikasan sapagkat itinuturing nila itong kabahagi ng kanilang buhay.

## ANG BABAYLANISMO BILANG MAKA-PILIPINONG EKOFEMINISMO

Isang sanga ng ekokritikal na pananaw ang ekofeminismo. Ayon kay Bryson (84, nabanggit sa Santos 68), ito ay paniniwalang may pagkakaugnay ang pang-aabuso sa babae at kalikasan. Paghahalintulad sa pang-aapi, pambabastos, pananamantala, at pagsasantabi ng kababaihan sa isang patriyarkal na lipunan, sa pang-aabuso sa kalikasan na kadalasan ay tinatawag na ina o Inang Kalikasan. Sa Pilipinas na lamang, laging iniuugnay ang kababaihan sa kalikasan. Sa lipunang Pilipino pagsasaad ni Quiroz (53), ang babae ay inaasahang maging mapayay, maganda, mahinhin, at balingkinitan. Sila rin ay inaasahang maging mapag-aruga sa kanilang pamilya. Maaaring sa iba ay positibo ang pananaw na ito sa kababaihan subalit sa kabilang banda isang pangmamaliit ito sa kakayahan ng mga babae dahil binibigyan natin sila ng pamantayan sa kung ano ang dapat nilang anyo at tungkulin sa lipunan. Paggigiit nga ng ilang feminista (nasa Santos 56), *“the patriarch society that governs almost all society often labeled women with the feminine traits hence hindering and limiting women’s potentiality.”*

Pagpapaliwanag ni Santos sa kaniyang artikulong *“Representation of Inang Kalikasan in Mainstream Philippine Art: Liberating or Oppressing to Women?”* ang mga bagay na ito na ginagamit ng lipunan bilang tatak ng mga kababaihan ay malinaw na bunga ng opresyon nito. Aniya, ang konsepto ng Inang Kalikasan na nag-uugnay sa kababaihan sa kalikasan ay isang paraan ng pag-alipusta sa kanilang imahen sapagkat ito ay paggigiit na sila ay may kakayahan lamang na magtaglay ng ganoong mga katangian at hindi na ng iba na kayang taglayin ng kalalakihan.

Pinangangatwiran ng ekofeminismo na ang pakikipaglaban para sa ekolohikal na kaligtasan ay kahabi ng pagharap sa mga pagsubok para sa kalayaan ng mga kababaihan at ng iba pang anyo ng hustisyang panlipunan (Buell, Heise, at Thornber 424; Santos 68). Subalit mas malawak pa ang sinasaklaw ng ekofeminismo ayon kay Greta Gaard at Patrick D. Murphy (nabanggit sa Buell, Heise, at Thornber 424) dahil kinikilala rin nito na ang mga pang-aabuso sa kalikasan at kababaihan na konektado sa eksploytasyong makauri, rasismo, kolonyalismo, at neokolonyalismo.

Ang mga kaisipang itong nailatag ay mga sitwasyong postkolonyal. Epekto ang mga ito ng malakihang pagbabagong naidulot ng mga pananakop ng mga dayuhan lalo na sa Pilipinas. Nawala ang dating kaayusang binuo ng ating mga ninuno na maituturing na Pilipinong-Pilipino o maka-Pilipino. Malaki rin ang pagbabagong naidulot sa katayuan ng mga babaylan na siyang pinag-uugatan ng mga kababaihang Pilipino sa lahat ng panahon. Ang patuloy nilang pakikibaka ay pakikipagsapalaran din ng mga babaylan at ang kanilang pagkilos tungo sa pagbabago ay pagsasagawa ng praktika na tinatawag na babaylanismo. Kaya naman, mula sa kaisipan ng pagiging praktika o isang panlipunang gawain, maisasalin ang kalakasan at kapangyarihan sa panitikan bilang isang maka-Pilipinong ekofeminismo. Iwawagayway rito ang babaylanismo bilang isang teoryang tutuon sa lakas ng kababaihan sa loob ng ekolohiya sa pamamagitan ng kaniyang pakikilahok sa mga ugnayan sa kapuwa tao, sa lipunan at sa kalikasan na nagdudulot ng pagbabago. Ang pagbabagong maidudulot ng kababaihan ay paghahalintulad sa kabisaan ng mga babaylan at ng babaylanismo na pakilusin ang mga nasasakupan nito o impluwensiyahan kung paano pakikitunguhan ang mga nilalang, nakikita man o hindi para sa ikabubuti ng ekosistema.

Ang babaylanismo, bilang isang larang sa pagsusuri ng mga eko-siday, ay magbubukas ng panibagong perspektiba sa panunuring pampanitikan na maaaring mas lapat at angkop sa mga likhang-panulat ng mga Pilipino partikular ng mga Waray. Kailangang maitaguyod sa lahat ng larangan ang pagsasa-Pilipino at paggamit ng mga kaisipang lapat sa pagkataong Pilipino upang higit na mapagtibay ang hangarin ng pananaw na ito. Ang patuloy na pagtangkilik sa mga dayuhang teorya o modelo ay pag-aangkin ng mga kaisipang galing sa karanasan ng ibang bayan na hindi nakaaarok

sa saysay ng pagka-Pilipino. Ang paglalapat ng mga dayuhang balangkas na ito sa kalagayang panloob nang walang pagsasaalang-alang sa kung ano ang loob ay pagsasayang ng panahon at talino sapagkat hindi ito nakatutunton sa hangaring pag-unawa sa kung ano at sino ang Pilipino. Maaaring paghanguan ng kaisipan ang mga pag-aaral o pananaliksik ng mga dayuhang iskolar subalit kailangang nakatali ang pagpapalitaw sa maka-Pilipinong kaisipan sa pagsusuri ng mga datos (tulad ng mga siday) nang may pagsasaalang-alang sa karanasan ng mga Pilipino. Kailangang dumadaan sa proseso ng pagtatahip-dunong ang pagpili sa mga kaisipang hinihiram sa mga dayuhan kung ito ba ay lapat o angkop sa danas ng mga Pilipino.

Mailalapat ang ekokritisismo sa mga akdang pampanitikang Pilipino sapagkat ang Pilipinas ay nabiyayaan ng mga likas na yaman tulad ng karagatan, kabundukan at kagubatan. Malaki ang naidudulot ng kapaligiran o kalikasan sa paglikha ng mga akda kaya kababakasan ito ng mga paglalarawan sa mga bagay na nakikita ng makata o manunulat sa kaniyang kapaligiran. Hindi nakawawala sa mata ng may-akda ang mga ugnayang kaniyang nakikita tulad ng pakikisalamuha ng tao sa kaniyang kapuwa at ang halagahing panlipunang taglay tungo sa pagpapahalaga ng tao sa mga bagay na kabahagi ng ekosistema, may buhay man o wala. Mas mapayayabong pa ang mga usapin kung sisipatin din sa pagsusuri gamit ang lenteng ekokritisismo ang sistemang nabubuo na direktang may koneksiyon sa ikabubuti o ikasisira ng ekosistema tulad ng politika at ekonomiya.

Bagama't ang pangunahing layunin ng pag-aangkin sa babaylanismo bilang maka-Pilipinong ekokritisismo ay ang paglalapat ng ideolohiyang ito sa karanasan ng mga Pilipino partikular sa mga Waray na ipinahihiwatig sa mga akda, hindi ito natatakdaan ng wikang ginagamit sa paglikha. Sakop nito ang mga akdang pampanitikang Pilipino na nasusulat sa Filipino man o sa Ingles o kaya sa mga wika sa bansa tulad ng Waray, Ilokano, Kapampangan, Hiligaynon, Bicolnon, Bisaya at iba pa basta ang mga ito'y naghahayag ng kaisipang Pilipino. Ang babaylanismo, bilang isang lente o perspektiba sa pagsusuri ng mga akda ang magkakahon upang ituon ng isang kritiko o ng isang mambabasang Pilipino ang kaniyang pansariling danas bilang bahagi ng mga ugnayang nagaganap sa loob ng ekosistema.

## **PAGSUSURI NG MGA EKO-SIDAY GAMIT ANG EKOFEMINISMONG BABAYLANISMO**

I pasundayag sa bahaging ito ng papel ang panitikang Waray partikular ang mga siday (istandard na termino para sa mga tulang Lineyte-Samarnon). Ituturing ang mga akdang gagamitin sa pagsusuri bilang eko-siday (tulad ng mga ekotula o mga tulang pangkalikasan) at ang mga lumilikha naman bilang mga eko-paragsiday (tulad naman ng mga ekomakata na mga taong lumilikha ng mga tulang pangkalikasan o pangkapaligiran). Mayaman ang mga Samarnon at Leytenhon sa mga ekotula o eko-siday sapagkat mayaman din ang lugar sa mga likas-yaman tulad ng karagatan, kabundukan, at kagubatan. Kaya't hindi nalalayo sa kapaligiran o sa ekolohiyang kanilang kinabibilangan ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kalikasan, sa tao, at sa lipunan. Bagama't hindi hayag ang mga mensaheng ekokritikal sa pagsusuri, naipakikita naman nito na karugtong ng pagiging babae ang mga panlipunang usaping kaugnay sa pangangalaga sa kalikasan. Ito ay mababakas sa mga ugnayang nagaganap sa pagitan niya at ng kaniyang kapuwa o ng iba pang mga nilalang sa loob ng ekosistema, may buhay man o wala. Lampas pa sa mga usaping pangkalikasan ang tinitingnan sa pagsusuri lalo na ang pagganap ng tao partikular ang mga kababaihan sa kaniyang tungkulin sa pamayanan na nakapagdudulot ng maraming pagbabago sa kabuong sistema. Sa madaling salita, hindi lamang ito usapin ng pangangalaga o pagsira sa kalikasan kundi usapin din ng positibo o negatibong ugnayan ng lahat ng nilalang. Isang halimbawa ng eko-siday ay ang *“Ha akon tunang natawhan”* (Sa Aking Lupang Tinubuan) ni Iluminado Lucente na mula sa antolohiya ng mga akdang Lineyte-Samarnon ni Merlie M. Alunan na *“Tinalunay: Hinugpong ng Panurat nga Winaray.”* Narito ang buong tula:

*Ha akon tunang natawhan*

- 1 *An iroy nga tuna matam-is pagpuy-an,*
- 2 *Kay diin man siplat puros kasangkayan,*
- 3 *Hahani an hingpit nga ak' kalipayan,*
- 4 *Hahani hira Nanay pati kabugtuhan.*
  
- 5 *Ugaring mahiblon, ha dughan mabug-on,*
- 6 *Nga an Pilipinas dayuday uripon.*
- 7 *Ay, tuna nga ak' natawohan!*
- 8 *Hain daw la an langit han im' kaluwasan!*
  
- 9 *An iroy nga tuna kun nagmumusakit,*
- 10 *Kun nagigin bihag, nagigin uripon,*
- 11 *Tungod hin kabido hararaptay hapit,*
- 12 *An luha ug turaw nagkakatiripon.*
  
- 13 *Inin akon laylay karawta nga halad,*
- 14 *Ubos nga pag-ugay hadin' waray palad.*
- 15 *Ay, tuna nga ak natawohan!*
- 16 *Hain daw la an langit han im' kaluwasan!*

Sa Aking Lupang Tinubuan

(Isinalin sa wikang Filipino ng mananaliksik).

- Matamis manahan sa Inang Bayan  
 Saan man lumingon, kita mo'y mga kaibigan  
 Dito madarama ang lubos na kasiyahan  
 Sina inay at mga kapatid ay naririyen.
- Ngunit kay hapdi sa pusong malaman  
 Na ang Pilipinas ay alipin kailanman  
 Ay, lupang aking tinubuan!  
 Nasa'n ang langit ng iyong kalayaan.
- Aking Inang Bayan kung nasa kahirapan  
 Kung bihag o alipin man  
 Dahil sa lungkot, paglaya'y inaasam  
 Kaniyang iniipon labis na pagdaramdam.
- Tanggaping alay itong mga salita  
 Lubos na pagpupugay ng maralita  
 Ay lupang aking tinubuan!  
 Nasa'n ang langit ng iyong kalayaan.

Sa pamagat pa lamang, malinaw na inihalalintulad sa tula ang lupang sinilangan sa isang ina. Nababanggit sa Taludtod 1 at 9 ang *“iroy nga tuna”* (Inang Bayan). Pinangingibabaw rito ang kababaihan lalo na ang mga ina. Makikita rin ang salitang *“Nanay”* sa Taludtod 3 at kapansin-pansin ang pagkiling nito sa kababaihan sapagkat sa orihinal na teksto ay hindi nababanggit ang salitang *“ama”* o *“itay.”* Dito pa lang ay mahihinuha na ang perspektiba ng tula, ang pagtangkilik sa mga ina bilang malakas na puwersa sa lipunan dahil sa kanilang tungkuling ginagampanan.

Pinagtutuunan dito ng pansin ang pagmamahal ng ina sa kaniyang anak at ganoon din ang pagmamahal ng isang mamamayan sa kaniyang lupang sinilangan na ipinahihiwatig ng tula. Sa Taludtod 3, inilalahad ang ina bilang isang tahanan na punong-puno ng *“kalipayan”* o kasiyahan. Sa isang tahanan o sa lupang tinubuan, walang ibang pinagmumulan ng kaligayahan ng isang tao kundi ang mga taong handa ring mag-alay ng pagmamahal sa kaniya tulad ng mga magulang at kapatid at maging ang mga kaibigan. Ganito rin kabusilak ang pagmamahal ng isang ina, nakapagbibigay ito ng kasiyahan sapagkat naibibigay nito ang lahat nang higit pa sa mga materyal na bagay. Ang magandang ugnayang ito ng ina sa kaniyang mga anak o sa mga taong kasama sa bahay ang nagpapanatili ng kaayusan sa isang tahanan. Ang tahanan at ang mga nakatira dito, ay kabahagi ng ekolohiya at ang



kaayusan at kapayapaang nakakasanayan nila sa loob ng pamilya ay nadadala nila sa kanilang pakikitungo o pakikipag-ugnayan sa ibang tao o bagay na bahagi rin ng malawak na sistemang ito.

Makikita sa eko-siday ang kalakasan ng isang ina bilang babae, ang kaniyang pagmamahal na malaki ang epekto sa ibang tao lalo na ang mga taong malalapit sa kaniya. Sa lipunan, salamin ang kababaihan ng pag-ibig na dakila na mahalaga sa kaniyang pakikitungo sa kapuwa na siyang nagdudulot ng kapanatagan ng loob at katiwasayan. Kung gayon, dahil sa pagmamahal na ito, nagkakaroon ng magandang ugnayan sa loob ng isang sistema (pamilya, baranggay, bansa o kaya naman ekolohiya o ekosistema). Pinatunayan na ito sa maraming pagkakataon, tulad halimbawa kung ang isang anak ay lumaki sa isang pamilya o pinalaki ng kaniyang mga magulang na puno ng pagmamahal, sinusuklian ito ng gayunding pagmamahal o kaya naman ng pagtatagumpay sa buhay at naipakikita rin ang pagmamahal na ito sa kaniyang kapuwa. Kaya malaking tulong ang kaniyang naidudulot sa pamilya tulad halimbawa ng pagtatapos ng pag-aaral hanggang sa makahanap ng magandang trabaho at makatulong sa pagpapabuti ng kanilang kalagayan o estado sa buhay. Pang-ekonomiya ang magandang naidudulot nito na malaki ang maiaambag sa pagpapatakbo ng isang lipunan.

Hindi lamang sa kasiyahan naipakikita ang kaugnayan ng ina sa kaniyang anak kundi sa mga panahon ng pagdanas ng kasawian. Ito naman ay mahihiwatigan mula sa Taludtod 5 hanggang Taludtod 16. Kalungkutan ang madarama sa mga linya dahil sa pang-aabusong nararanasan ng lupang sinilangan sa kamay ng mga mapagsamantalang dayuhan. Ang pang-aalipin sa bansa ay maihahambing din sa pag-aabuso sa isang ina. Makikita pa rin dito ang kapangyarihan ng ina bilang isang babae dahil nakapagdudulot ito ng masidhing damdamin. Naipakikita nila ang kanilang pagdurusa, pagluha at pagdamay na pagpapakita naman ng pagpapahalaga sa ina o Inang Bayan (nasa Taludtod 5 at 12). Tulad ng pag-aalipusta sa kalikasan na itinuturing na ina o “Inang Kalikasan,” nakapagpapahina ito sa kanilang damdamin at buong katauhan sapagkat ang mga bagay na bigay nito sa lahat ng nilalang tulad ng hangin, tubig, puno, halaman, at iba pa ay ang kanilang kalakasan. Ang panghihina ng “Inang Kalikasan” ay nakapagpapahina rin sa buong sistema, ang ekosistema.

Mahihiwatigan din sa huling sакnong (Taludtod 12 hanggang 16) ang pagpapahalaga o ang pag-aalay nila ng pagmamahal sa ina o Inang Bayan. Sa panahon ng unos o mabigat na suliranin, inaalayan nila ito ng pakikiramay o ng sakripisyo maibalik lamang ang nawalang kaligayahan. Katulad lang din iyan ng isang anak na marunong tumanaw ng utang na loob sa kaniyang ina. Ibinabalik niya ang lahat ng mga nagawang kabutihan sa kaniya tulad ng pagpapalaki nang maayos, pagpapaaral at iba pa, kaya naman sa oras na ito’y magtagumpay wala itong ibang naisin kundi pag-alayan ang ina ng kaniyang natamong tagumpay. Kapangyarihan pa rin ng isang babae o ng isang ina ang makikita rito sapagkat nakapagdudulot ng mabuting bagay sa huli o nasusuklian ng kabutihan ang mga tungkuling ginagampanan ng babae o ng kababaihan sa lipunan lalo na sa kaniyang kapuwa. Ang ugnayang ito ng Inang Bayan sa kaniyang mga nasasakupan at ng mga tao sa kaniyang Inang Bayan ay mahalaga sa patuloy na pagpapasigla at pagpapayabong ng ekolohiya.

Pagpapalitaw sa tungkulin ng isang babae ang isinasalaysay sa eko-siday ni Jhonil Colima Bajado na pinamagatang, “*Kan Inay, Paraghilot*.” Isa rin ito sa mga akdang isinatipon ni Merlie M. Alunan sa kaniyang “Tinalunay: Hinugpong nga panurat nga Winaray” noong 2017 sa ilalim ng kabanata ng makabagong panulaang Waray (mula 1970 hanggang kasalukuyan). Narito ang tula:

*Kan Inay, Paraghilot*

Kay Inay, Paraghilot

(Isinalin sa wikang Filipino ng mananaliksik)

*Only a language can save humanity.*

—Anonymous

1 *Han kahinglaw ha ak', ikaw an labi nga maaram,*  
2 *an katin-is, katiunan-o kahalaba.*  
3 *Ikaw manta an maaram han kadako han dugo*  
4 *nga ha ak' nasanggulo.*  
5 *Im' pinahid hin hinayhinay*  
6 *antes pa ak' sumuso han siya pa kan nanay.*  
7 *An ak' siyahan nga biksal hinsaygan mo liwat,*  
8 *an ak' kimas nga rapadapa,*  
9 *ha pag-ikalarakat, ha pag-ikaturumba.*

Noong ako’y isilang, ikaw lang ang nakababatid  
sa aking iyak, kung gaano kalakas at katagal.  
Ikaw ang may alam kung ilang dugo  
ang dumaloy sa aking pagsilang.  
Dahan-dahan mo itong pinahid  
bago pa ako dumede sa aking ina.  
Saksi ka rin sa una kong paghakbang,  
ang mga nanginginig na paa,  
ha bawat hakbang at bagsak.

10 *Hangtod han mga hangtod nga imo malantaw*  
 11 *an kadayonan han akon kapukan,*  
 12 *an paglakat han suhi nga dalan,*  
 13 *pagpauripon han mga kahalungganayan*  
 14 *ngan an makangingirhat—an ak' paggakos*  
 15 *han iba nga pinulongan.*  
 16 *Haros an akon kalugaringon*  
 17 *diri ko na hikilal-an.*  
 18 *Inay, makausa pa,*  
 19 *sugad han imo mga paghilot,*  
 20 *han mga lupu han ak' kaluluthan,*  
 21 *an ak' dila, hiyora hin malagutos*  
 22 *nga siday hin katingalahan.*

Iyong natanaw ang hangganang lalabayin sa pagtahak nang walang kasiguruhan, sa paglakad sa maling daan, sa pagpapaalipin sa kasakiman ang nakasusuklam --- ang pagyakap sa wikang 'di akin Halos ang sarili ko'y "di ko na makilala. Inay, ipadama muli, tulad ng iyong paghagod, sa mga pilay sa aking katawan, haplusin mo rin ang aking dila ng mga siday na puno ng hiwaga.

"Inay" ang kadalasang itinatawag ng mga Waray bilang paggalang sa mga matatanda. Maaaring ito ay iyong lola (ina ng iyong mga magulang), kamag-anak o matanda sa pamayanang kinabibilangan. Sa tungkuling hindi lamang pinahahalagahan ang babae dahil sa kaniyang katandaan kundi dahil sa tungkuling kaniyang ginagampanan sa lipunan, ang pagiging "paraghilot" o "hilot." May mga taong kinasanayang sangguniin upang pangalagaan ang mga nagdadalantao lalo na sa malalayong pamayanang hindi naaabot ng mga serbisyong pangkalusugan ng Department of Health (DOH). Sila ang mga may kanasayan sa paghihilot o "paghagod o paghaplos sa mga bahagi ng katawan upang pasiglahin ang sirkulasyon at maging malambot ang kalamnan at kasukasuan" ("Hilot"). Tinatawag naman ang kanilang gawain bilang "*traditional massage*" (Rondilla et al. 26) o "*folk massage*" (Crisol at Oledan 90). Sa depinisyong ibinigay ng DOH sa kanilang MNCHN Strategy Manual of Operations DOH 2011 (DOH National Center for Disease Prevention and Control viii), ang mga hilot o tinatawag ding mga Traditional Birth Attendant (TBA) ay "...*independent, non-formally trained and community-based providers of care during pregnancy, childbirth, and neonatal period.*" Dagdag pa, "[u]nder the MNCHN [Maternal, Newborn, and Child Health and Nutrition] Strategy, they are made part of the formal health system as members of the community Health Teams and serve as advocates of health professional care." Dahil sa tiwalang ibinibigay sa kanila ng mga mamamayan, nakita ng DOH ang kanilang kahalagahan upang makapanghimok na tangkilikin ang serbisyong pangkalusugan kaya kinilala sila bilang mahalagang bahagi ng pangkat ng tagapag-alaga ng kalusugan. Simula pa lamang noong 1956, nagbibigay na ang DOH ng pagsasanay sa mga TBA upang magampanan nila nang wasto ang kanilang mga tungkulin sa pamayanan sakaling wala ang mga doktor o iba pang mga *healthworker* (Del Mundo 56). Matatandang babae ang mga ito na tinatawag naman sa Samar na mga "*manaram*" (GMA Public Affairs). Ang tungkuling ito ng mga "hilot" ay mauugat pa sa praktikang isinasagawa ng mga babaylan sa sinaunang pamayanang Pilipino. Pagbabanggit ni Salazar (14), "[a]ng buong kaalamang medikal ng lipunan mula sa bawat barangay at buong bayan hanggang sa buong pamayanan ay nasa pag-aalaga ng babaylan." Pagsasaad naman nina Rebuya, Lasarte, at Amador (73), "[f]rom the old name *babaylan*, the traditional healers now operate under various names, such as: *albularyo*, *manghihilot*, *mangluluop*, *mangtatawas*, and *faith healers*." Patunay lamang ito sa pagpapatuloy ng kapangyarihan ng mga babaylan upang makapagdulot ng ginhawa sa kapuwa hanggang sa kasalukuyan.

Mababakas sa eko-siday ni Bajado, ang pagpapahalaga sa "paraghilot" dahil sa pag-aalagang inialay nito sa persona o sa taong nagsasalita sa tula mula nang mailuwal siya sa sinapupunan ng kaniyang ina hanggang sa siya ay lumaki na. Hindi matatawaran ang kaniyang paggabay sapagkat hindi ito natatapos lamang sa kaniyang pag-aalaga sa buntis o sa pagpapaanak kundi pati sa pagpapalaki nang wasto sa sanggol. Sinisiguro din niyang paalalahanan ang bata (nasa Taludtod 10 hanggang 15) sa kaniyang paglaki sa pamamagitan ng pagpapangaral sa maaaring maging landas sa hinaharap. Sa ganitong paraan din isinasangguni ng mga sinaunang Pilipino sa mga babaylan ang paghingit ng payo tungkol sa mga gawaing pang-agrikultura. Pagsasalungguhit ni Salazar (6), "[s]iya [tumutukoy sa babaylan] ang nagtatakda kung kailan dapat magsimula nang hawanin ang kagubatan at pagkatapos ay sunugin upang matamnan." Dagdag pa, "[a]ng babaylan din ang nagtatakda kung kailan magkakaroon ng pag-aani." Ito pa rin ang tiwalang tinatamasa ng mga "paraghilot" hanggang sa kasalukuyan upang magabayan ang kaniyang kapuwa tungo sa mas magandang direksiyon sa buhay. Sa Taludtod 18 hanggang 22, inihalintulad ng persona sa "*lupo*" o pilay sa Filipino o Tagalog ang pagkabaluktot ng kaniyang dila o pananalita dahil sa impluwensiyang nakuha sa labas o sa ibang tao. Ang "*pulong*" o wika at maging ang kaniyang siday ang magpapanumbalik sa nabaluktot o napilay

na pagkatao. Kapangyarihan pa rin ng mga kababaihan ang mababakas sa tula dahil sa kanilang pagganap sa tungkuling pag-akay sa mga kabataan na maging mabubuting mamamayan at magdulot ng kaginhawaan sa lipunan. Ang kagandahang-asal na kanilang taglay ay ang kanilang kasangkapan sa mabuting pakikitungo sa kapuwa at sa iba pang mga nilalang o mga bagay sa loob ng ekosistema.

Isa pang eko-siday ang nakuha mula sa isinatipong mga tula ni Merlie M. Alunan sa kaniyang “Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray” noong 2017 ang akdang “*Babayi*” (babae) ni John B. Simborios. Isinalarawan sa eko-siday ang babae o ang kababaihan sa kabuoan. Binibigyang-pugay rito ang babae na tanda ng pagpapahalaga ng persona sa kaniya dahil sa tungkuling kaniyang ginagampanan at ang dulot niyang kabutihan sa iba. Ito ay indikasyon na ang kaniyang pagsusumikap ay hindi lamang para sa personal na interes kundi alay niya ito sa kapuwa at mababakas sa kaniyang pakikipag-ugnayan. Narito ang buong akda:

*Babayi*

1 *Babayi,*  
2 *Kinuha gad ha dughan an imo tinikangan,*  
3 *Ha may kasingkasing ngan diri ha luyhan,*  
4 *diri la ha panit, ha sulod gud han dughan,*  
5 *Ha talimutngan, diri kagiliran.*

6 *Babayi,*  
7 *Diri ka ha urhi ngan diri ka ha unhan,*  
8 *Diri man ha sikhan ngan diri ha ulhan,*  
9 *Kabunyog, kasugbong, kaabay ha dalan.*  
10 *Tupad ka, kadungan ngan hin kaatubang.*

11 *Babayi,*  
12 *Gindadayaw han labi nga maaram,*  
13 *Iginpapananglit han mga gamhanan,*  
14 *Hadto'n kinabuhi naging tinikangan,*  
15 *Hadto'n panhimugso usa nga lindongan.*

16 *Babayi,*  
17 *Hi ikaw kabakyang, ayaw pag-usahan,*  
18 *Ha imo mabunyog, di ka babayaan.*  
19 *Kapotay han kamot, kita magtutuman,*  
20 *Ngadto han didto pa nga at' ginsaaran.*

Babae

(Isinalin sa wikang Filipino ng mananaliksik).

Babae,  
Sa dibdib ang iyong pinagmulan,  
Sa may puso at hindi sa likuran,  
Hindi lang sa balat kundi sa dughan,  
Sa gitna at hindi sa tagiliran.

Babae,  
Hindi ka sa huli at hindi rin sa unahan,  
Hindi sa may siko at hindi rin sa may ulohan,  
Kasama, kaakbay, katuwang sa daan,  
Kapantay ka, kasabay at kaharap ninuman.

Babae,  
Pinupuri ka lalo ng mga may karunungan,  
Tinitingala ka ng mga may kapangyarihan,  
Sa buhay mong pinagmulan,  
Ng aming pagsilang naging kandungan.

Babae,  
Ikaw ay katuwang, h'wag mag-isa  
Sa iyo'y sasama, 'di ka iiwanan  
Hawak kamay nating tutupdin  
Ang ating mga pangako.

Malalim ang pinagmumulan ng pagpapahalaga sa babae sa lipunan. Sa unang sакnong (Taludtod 1 hanggang 5) inilalahad na sa “*dughan*” o dibdib nagmula ang pagiging babae o ang isang babae. Tulad ng mga babaylan, malaki ang pagtangi at paggalang ng mga tao sa kababaihan hanggang sa kasalukuyan dahil sila ay bunga ng pagmamahal. Dahil sila ay nabuo sa pamamagitan ng pag-ibig, ito rin ang naihahandog nito sa mga tao sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapuwa. Ang mga babaylan ay may malaking katungkulan sa pangangasiwa sa sinaunang pamayanan sa pamamagitan ng kaniyang taglay na kaaalamang teoretikal, intelektuwal at praktikal sa lahat ng bagay na may kinalaman sa buhay espirituwal at kalinangan ng lipunan (Salazar 18). Patuloy na dumaloy ang kanilang pagkalinga para sa ikagiginhawa ng kaniyang kapuwa sa bawat yugto ng kasaysayan. Sa kasalukuyan, pagsasaad ni Salazar (24), “muling nakamtam ng kababaihang Kristiyano ang pamanang babaylan sa kalinangan at sa larangang intelektuwal.” Ayon pa sa kaniya, “[b]umalik sa pagiging doktor, sikolohista, guro at pati na historyador ng sariling kalinangan... pumapasok na sila sa politika, sa batas, sa agham at teknolohiya at sa iba pang larangan.” Hindi matatawaran ang kanilang ambag sa bansa bilang mga lingkod-bayan. Kaya naman sa Taludtod 12 at 13 “*gindadayaw*” o pinupuri sila hindi lamang ng mga ordinaryong mamamayan kundi pati ng matatalino o matataas sa lipunan. Ilang kababaihan na ang nagmarka sa ating kasaysayan dahil sa kanilang malaking ambag sa mga Pilipino tulad nina: Trinidad Tecson – ang tinaguriang “Ina ng Biak-na-Bato” dahil sa kaniyang pagtatayo ng pasilidad upang pangalagaan ang mga sugatan sa pakikipaglaban at kinilala din siya bilang “*Mother of Philippine*

*Red Cross*” (Tomacruz); Encarnacion Alzona – ang kauna-unahang babaeng nakapagtapos ng doktoradong kurso at naging kasapi ng National Academy of Science and Technology kung saan naipaglaban niya ang pagkakaroon ng mas mabuting kondisyon ng kababaihan, pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas, at pagpapakilala sa mga ambag ni Jose Rizal (Tomacruz); Concepcion Felix de Calderon—nagpanukala ng petisyon upang ipaglaban ang karapatan ng mga kababaihan na bumoto at naging dahilan upang mabigyan siya ng Presidential Medal noong 1966 (Andas); at marami pang iba.

Ang babae o ang kababaihan ay laging kasa-kasama ninuman sa lahat ng bagay. Katulad ng mga babaylan sa sinaunang pamayanan, hindi hiwalay ang kaniyang tungkulin sa ibang mga pinuno ng lipunan kundi katuwang siya ng datu o panday sa pagsisiguro ng kaayusan. Kaagapay siya ng datu sa pagpapabuti ng ekonomiya (Salazar 6) dahil sa ritwal na kaniyang isinasagawa upang malaman ang tamang oras o panahon para isagawa ang mga gawaing pang-agrikultura. Hanggang sa kasalukuyan, laging kabahagi ang babae o kababaihan sa mga gawaing pampamayanan. Nababanggit sa Taludtod 9 at 10 ang mga salitang “*kabunyo*” (kasama), “*kasugbong*” (kabalikat), “*kaabay*” (katuwang), “*tupad*” o “*katupad*” (kapantay o kalapit), at “*kadungan*” (kasabay) na pawang nangangahulugan ng malapit na ugnayan ng persona sa babae o kababaihan. Sa ano mang oras o panahon ay laging katuwang ang kababaihan sa pagharap sa mga suliranin o mga gawaing makapagdudulot ng kaayusan sa kanilang pamayanan o lipunan. Mas napagtitibay pa ang ideang ito ng ilang mga salita o pariralang nababanggit sa huling saknong ng siday (Taludtod 16 hanggang 20) tulad ng “*kabakyang*” (katuwang sa pagbubuhat), “*mabunyo*” (sasama o sasamahan), “*di ka babayaan*” (hindi ka iiwan), at “*kapotay an kamot*” (magkahawak ang kamay) na palatandaan ng mahigpit na damayan ng bawat isa tulad ng pagtutulungan, pagbabayanihan o pagkakaisa upang makamit ang layuning makapagdulot ng ginhawa sa kapuwa at sa buong bayan. Ito ang ugnayang kinakailangan upang mapanatili ang kaayusan sa buong ekosistema.

Napalitaw sa pagsusuri ng mga eko-siday ang kaugnayan ng isang babae sa tao at sa kaniyang kakayahang gampanan ang tungkulin sa pamamagitan ng pag-aalay ng pagmamahal, sa pamilya man, sa kapuwa o sa lahat ng mga bagay na kabahagi ng ekosistema. Malinaw rin na napalutang ang kaugnayan naman nito

sa kalikasan, ang pagturing sa isang babae o ina bilang lupang sinilangan o Inang Bayan dahil sa kaniyang angking katangian tulad ng pagiging mapagkalinga o mapag-aruga sa kaniyang mga anak o pamilya. Isa rin itong kalakasan ng isang babae o ng kababaihan upang bigyang kamalayan ang mga tao lalo na ang mga mambabasa na ang babae ay katulad ng lupang tinubuan o kapaligirang tinitirhan na kailangang pangalagaan at protektahan. Ang pagmamahal ng babae sa kaniyang kapuwa ay susi ng mabuting ugnayan ng mga tao sa pamayanan o lipunan at sa kanilang pakikitungo sa ibang mga nilalang o bagay na kabahagi ng kalikasan o kapaligiran. Sa huli, napangibabaw rin ang kapangyarihan ng isang babae o ng kababaihan dahil ang kaniyang likas na katangian at tungkulin sa lipunan ay tunay na nakapagdudulot ng ginhawa sa pamilya, kapuwa, at lipunang kinabibilangan.

## ANG BABAYLANISMO SA PAGSUSURI NG MGA AKDANG PAMPANITIKAN

Mahalagang nauunawaan natin ang mga akdang pampanitikang Pilipino sa pamamagitan ng pagsusuri sa paraang maka-Pilipino. Bagama’t ang ekokritisismo partikular ang ekofeminismo ay ideolohiyang halaw lamang sa mga dayuhang iskolar, masasabing ang ubod nito ay mailalapat sa karanasan ng mga Pilipino. Bilang bansang mayaman sa kalikasan, hindi maitatago sa mga akdang Pilipino ang pag-uugnay-ugnay ng mga makata o manunulat sa mga bagay na kaniyang naoobserbahan sa kapaligiran lalo na ang pakikisalamuha ng tao sa kapuwa at sa ibang bagay na kabahagi ng kabuoang sistemang tinatawag na ekolohiya o ekosistema. Mahalagang tingnan ito sa pagsusuri upang palutangin ang mga ugnayang ito na sumasalamin sa katauhan at kaakuan ng mga Pilipino. Ito ang tunguhin ng babaylanismo bilang isang sanga ng teoryang ekokritikal, ang madalumat sa maka-Pilipinong perspektiba ang katayuan at gampanin ng babae o ng kababaihan sa kapaligiran o sa ekolohiya. Nakaugat ang pananaw na ito sa estado ng mga kababaihang Pilipino sa sinaunang panahon na nagpapangibabaw sa kanilang tungkulin sa lipunan; ang pagiging makapangyarihan, maimpluwensiya at pagkakaroon ng kakayahang makapagdulot ng pagbabago. Iba ito sa ideolohiyang feminismo na nabuo mula sa karanasan ng kalupitan sa mga kababaihan o ang mababang pagtingin sa kababaihan lalo na sa mga patriyarkal na lipunan partikular

sa kanluran. Ang babaylanismo ay hindi umusbong sa ganitong kaisipan kundi pag-iral ng kapangyarihan ng babae o kababaihan sa lipunan na nag-uugat sa sinaunang pamayanan. Maaaring matalakay sa babaylanismo ang 'di pantay na pagtatrato sa kababaihan o ang pananamantala sa kanilang karapatan, subalit ang tuon sa maka-Pilipinong pananaw na ito ay ang lakas ng mga kababaihang Pilipino mula noon hanggang sa kasalukuyang panahon. ♦

## MGA AKDANG SINIPI:

“10 Powerful Pinays Who Changed the World and Redefined the Modern Filipina.” *UpsizePH*, w.p. Web. 11 Marso 2022.

Alarcon-Nogot, Christine Ivy. “Conceptualizing Female Gender Roles in Philippine History and Culture Through Literature.” *Philippine and Asian Studies: Expositions, Explorations, and Expectations*. Pat. Feorillo Demeterio. Taytay, Rizal: Word Prints Publishing Services, Inc., 2018. 83-97. Limbag.

Alunan, Merlie. *Tinalunanay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2017. Limbag.

Andas, Christine. “International Women’s Month: 11 Filipino Women Who Made History.” *Tatler*, 26 Pebrero 2021. Web. 11 Marso 2022.

Aurillo, Gemina. “Selected Vernacular Writers of Leyte.” *Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*. Pat. Gregorio C. Luangco. Lungsod Tacloban: Divine Word University Publication, 1982. 109-125. Limbag.

“Babaylanismo: Bringing Back the Old Way.” *Mi Dulce Vida*, 8 December 2019, Web. 11 Marso 2022.

Bagulaya, Jose Duke S. *Writing literary history: mode of economic production and twentieth century Waray poetry*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 2006. Limbag.

Buell, Lawrence, Ursula Heise, at Karen Thornber. “Literature and Environment.” *Annual Review of Environment and Resources* 36 (2012): 417-440. Web.

Colle, Marijke. “Feminism and ecology: the same struggle?— The shaping of Ecofeminism.” Committee for the Abolition of Illegitimate Debt, 13 Mayo 2019. Web.

Crisol, Lourd Gregory D. at Efren Jone J. Oledan. “The Mananambals and Their Functions in Philippine Culture.” *CASS Langkit* 7 (2016-2017): 84-94. Web.

De La Encarnacion, Juan Felix. *Doccionario bisaya-español*. Manila: Tip. de “Amigos del Pais.” 1885. Web.



- De Mentrída, Alonso. *Diccionario de la lengua bisaya, hiliguena y haraya de la isla de Panay*. Manila: Imprenta de M. y F. Dayot, 1841-1842. Web.
- Del Mundo, Fe. "Problems and Findings from the TBA Program in the Philippines." *Role of Traditional Birth Attendants in Family Planning*. Pat. J. Y. Peng, Srisomang Keovichit at Reginald MacIntyre. Ottawa, Canada: International Development Research Centre, 1974. 55-60. Limbag.
- DOH National Center for Disease Prevention and Control. MNCHN Strategy Manual of Operations DOH, 2011. Sta Cruz, Manila: National Center for Disease Prevention and Control, 2011. Web.
- Elumbre, Adonis Ramy. "Kilusang Kababaihan sa mga Demokratikong Tunggalian: Pakikibakang Feminista mula Batas Militar hanggang Kapangyarihang Bayan." *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Pat. Mary Dorothy dL Jose at Atoy Navarro. Lungsod Quezon: C&E Publishing, 2002. Limbag.
- Espina, Merito. *A Critical Study of Ibalong, The Bikol Folk Epic-Fragment*. Manila. 1964. Limbag.
- Estrada-Claudio, Sylvia. "The Women's Movement(s) and Social Movements: Conjectures and Divergences." *Europe Solidaire Sans Frontieres*, 26 Mayo 2005. Web. 11 Marso 2022
- GMA Public Affairs. "I-Witness: 'Manaram,' Dokumentaryo ni Kara David." *Youtube*, 8 July 2019. Web. Marso 1, 2022.
- Gracio, Jerry. Is There A Waray Literature. *NCCA Features* (2000): 1-7. Limbag.
- Hega, Mylene, Veronica Alporha at Meggan Evangelista Feminism and the Women's Movement in the Philippines: Struggles, Advances, and Challenges. Lungsod Pasig: Friedrich-Ebert-Stiftung, 2017. Web "Hilot," *Diksiyonaryo*. w. p. Web.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. "Ang Bawat Panayam ay Paaralan ng Pagkatuto: Ang Peministang Paghabi ng Kasaysayan ng Kababaihan ng Tundo." *Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura* 2 (2017): 69-89. Limbag
- Mendoza, Jeannette. "Angkan ni Eba: Pagsasatinig at Paglikha ng mga Tauhang Kababaihan sa Wika ng Lalaking Manunulat sa Kulturang Matriyarkal." *Philippine and Asian Studies: Expositions, Explorations, and Expectations*. Pat. Feorillo Petronilo Demeterio. Taytay, Rizal: Word Prints Publishing Services, Inc., 2018. 83-89. Limbag.
- Nabong-Cabardo, Charo, Fra Paolo Ma. Diosdado, at A. O. Llaneta. *Ani*, 3. 1 (1990): 128-129. Limbag.
- Nkechi, Ifechelobi Jane at Asika Ikechukwu Emmanuel. "Women and Ecology: An Eco-Feminist Reading of Chinua Achebe's Things Fall Apart." *International Journal of English Literature and Social Sciences* (IJELS) 4 (2017): 34 – 40. Web.
- Phillips, Dana. "Ecocriticism, Literary Theory, and the Truth of Ecology." *New Literary History* 30 (1999): 577-602. Web.
- Ponsaran, John. "Ang Babaylan ng Sinaunang Panahon." *Diwang Palaboy*, 12 December 2004. Web. 11 Marso 2022.
- Quindoza-Santiago, Lilia. "Roots of Feminist Thoughts in the Philippines." *Review of Women's Studies* 6.1 (1996): 159-172. Web.
- Quiroz, Ramon Rafael. Representation of Inang Kalikasan in Mainstream Philippine Art: Liberating or Oppressing to Women. *Dalumat Ejournal* 2.2 (2011): 49-60. Web.
- Rebuya, Niño, Emy Lasarte, at Mericia Mila Amador. Medical Pluralism, Traditional Healing Practices, and the Partido Albularyo: Challenge in Inclusion. *Open Journal of Social Sciences* 8 (2020): 72-79. Web.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Ang Kababaihan sa Himagsikang Pilipino." *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*. Pat Mary Dorothy dL. Jose at Atoy M. Navarro. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc., 2010. 163-180. Limbag.
- Rondilla, Nadine Angela O., et al. Folk Medicine in the Philippines: A Phenomenological Study of Health-Seeking Individuals. *International Journal of Medical Students* 9.1 (2021): 25-32. Web.
- Salazar, Zeus. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas" sa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999. Limbag.

Santos, Paz Verdades. "Uran, Uran, Tagantan: Mga Babala sa Pagbago ng Klima sa Rawitdawit Bikol." *Malay*, 24.1 (2011): 65-79. Web.

Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1995. Limbag.

Scott, William Henry. *Looking for the Prehispanic Filipino and Other Essays in Philippine History*. Quezon City: New Day Publishers, 1992. Limbag.

Sugbo, Victor. The Literature of Eastern Visayas. *National Commission for Culture and the Arts*, w. p. Web. 11 Marso 2022.

Terami-Wada, Motoe. *Sakdalistas' Struggle for Philippine Independence, 1930-1945*, Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014. Limbag.

Tomacruz, Sofia. "7 Women Who Made Philippine History." *Rappler*, 24 Marso 2020. Web. 11 Marso 2022.

Vilches, Maria Luz. "A Preliminary Survey of Waray Poetry." *Kandabao: Essays on Waray Language, Literature, and Culture*. Pat. Gregorio C. Luangco. Lungsod Tacloban: Divine Word University Publications, 1982. 46-76. Limbag.

Villariba, Marianita Girlie. "Babaylan Women as Guide to a Life of Justice and Peace." *Women in Action 2* (2016): 54-60. Web.



Si IAN MARK P. NIBALVOS ay guro ng Filipino sa Departamento ng Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Nakapagtapos siya ng digring masteral sa Filipino sa Pamantasang De La Salle – Dasmariñas at kasalukuyang kumukuha ng kursong Doktor ng Pilosopiya sa Philippine Studies sa Tri-College ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siyang mananaliksik at tagasalin. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ay mga paksang may kinalaman sa Panitikang Waray o Panitikan ng Pilipinas, kritisismong pampanitikan, kultura, identidad, at wika. Ang ilan sa kaniyang mga papel-pananaliksik ay nailathala na sa iba't ibang journal tulad Malay ng De La Salle University, Hasaan: Ang Opisyal na Refereed Journal sa Filipino ng UST, at iba pa. Sa kasalukuyan, siya ang tagapamahala ng editor ng Hasaan Journal at miyembro ng Lupon ng mga Tagasalin ng UST Sentro ng Salin at Araling Salin. Maaarin siyang makontak sa ipinibalvos@ust.edu.ph.